MODYUL 4: ANG KONTEMPORARYONG DAIGDIG (IKA-20 SIGLO HANGGANG SA KASALUKUYAN): MGA SULIRANIN AT HAMON TUNGO SA PANDAIGDIGANG KAPAYAPAAN, PAGKAKAISA, PAGTUTULUNGAN, AT KAUNLARAN

PANIMULA:

Mababakas sa ika-19 na siglo sa kasaysayan ng daigdig, ang malawakang paglaganap ng diwang nasyonalismo sa iba't ibang bahagi nito. Iisang lahi, iisang lipi, magkatulad na wika, relihiyon at pagpapahalaga ang pangunahing salik na nabunsod sa diwang nasyonalismo. Kasabay nito ay ang pag-unlad ng agham, industriya at kaisipang pampulitika ng mga bansa.

Subalit sa pasimula ng ikalawang dekada ng ika- 20 siglo maraming pangyayari ang naganap na gumimbal sa iba't ibang bahagi ng mundo. Naganap ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinundan ng iba't ibang ideolohiya, Cold War at ang malawakang Neokolonyalismo ng mga superpowers na bansa. Upang mawakasan ang di- pagkakaunawaan bumuo ang mga bansa ng pandaigdigang samahan na siyang mangunguna sa pag-aayos ng lahat ng sigalot ng mga bansa.

Sa pagkakataong ito, susuriin natin ang mahalagang papel na ginampanan ng mga bansa upang matamo ang pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan at kaunlaran mula ika-20 siglo hanggang sa kasalukuyan. Ang mga babasahin at teksto ang magsisilbing gabay upang masagot mo ang tanong na paano ka makakatulong upang makamit ang pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, kapayapaan at kaunlaran?

Mga Aralin at Sakop ng Modyul

Aralin 1 – Unang Digmaang Pandaigdig
Aralin 2 – Ikalawang Digmaang Pandaigdig
Aralin 3 – Mga Ideolohiya, *Cold War* at Neokolonyalismo
Aralin 4 – Ang United Nations at Iba Pang Pandaigdigang Organisasyon, Pangkat at Alyansa

Ang sumusunod ang inaasahang matutuhan mo sa Yunit na ito. Tiyaking iyong babasahin at babalik-balikan dahil ito ang magsisilbi mong gabay sa iyong pagkatuto.

Sige na! Simulan na nating basahin…

Ang Kontemporaryong Daigdig (Simula sa Ika-20 Siglo Hanggang sa Kasalukuyan): Mga Suliranin at Hamon Tungo sa Pandaigdigang Kapayapaan, Pagkakaisa, Pagtutulungan at Kaunlaran	Pamantayan sa Pagkatuto
Aralin I - Ang Unang Digmaang Pandaigdig	Nasusuri ang mga dahilan na nagbigay daan sa Unang Digmaang Pandaigdig Nasusuri ang Mahahalagang pangyayari naganap sa Unang Digmaang Pandaigdig Natataya ang mga epekto ng Unang Dimaang Pandaigdig Nasusuri ang pagsisikap ng mga bansa na makamit ang kapayapaang pandaigdig at kaunlaran
Aralin II- Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig	Nasusuri ang mga dahilan na nagbigay daan sa Ikalawang Digmaang Pandaidig Nasusuri ang mahahalagang pangyayari naganap sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig Natataya ang mga epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig Nasusuri ang pagsisikap ng mga bansa na makamit ang kapayapaang pandaigdig at kaunlaran

Aralin III- Mga Ideolohiya, *Cold War* at Neokolonyalismo	Nasusuri ang mga ideolohiyang pulitikal at ekonomik sa hamon ng establisadong institusyon ng lipunan. Natataya ang epekto ng *Cold War* sa iba't ibang bahagi ng daigdig Nasusuri ang mga epekto ng neo-kolonyalismo sa pangkalahatang kalagayan ng papaunlad at di-maunlad na bansa
Aralin IV- Ang United Nations at Iba Pang Pandaigdigang Organisasyon, Pangkat at Alyansa	Nasusuri ang bahaging ginampanan ng mga pandaidigang organisasyon sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran. • Ang *United Nations* at ang mga sangay nito • Mga organisasyon at alyansa • Mga pang-ekonomikong organisasyon at *trading blocs*

PANIMULANG PAGTATAYA

K1. Ang mga sumusunod na pangyayari ay naganap noong Unang Digmaang Pandaigdig maliban sa:

A. pagtatatag ng Nagkakaisang Bansa
B. pagbuo ng Triple Alliance at Triple Entente.
C. pagpapalakas ng hukbong militarng mga bansa.
D. pagkakaroon ng diwang nasyonalismo ng mga kolonyang bansa

Gamiting gabay ang mapa ng Europe upang masagot ang tanong sa ibaba.

Source:
http://mapofeurope.com/wp-content/uploads/2013/07/map-of-europe-1024x833.jpg?a600a5

P 2. Sinasabing sa Kanlurang Europe naganap ang pinakamainit na labanan sa panahon ng World War I . Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang nauugnay dito?

A. Labanan ng Austria at Serbia
B. Digmaan ng Germany at Britain
C. Paglusob ng Rusya sa Germany
D. Digmaan mula sa Hilagang Belgium hanggang sa hangganan ng Switzerland

K3.Isang ideolohiya at uri ng pamahalaan na nagbibigay ng pantay na karapatan at kalayaan anuman ang kanilang kinabibilangang lahi, kasarian o relihiyon

A. Demokrasya
B. Liberalismo
C. Kapitalismo
D. Sosyalismo

P 4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapaliwanag ng katagang ito " Ang sariling pagkakakilanlan ay nawawala dahil sa impluwensyang dayuhan"

A. Napapanatili ang kultura ng isang bansa
B. Pinakikinabangan ng mga dayuhan ang likas na yaman ng mga kolonya
C. Ang kulturang dayuhan ang pinahalagahan ng mga bansang umuunlad pa lamang
D. Nababago ng mga dayuhan ang kultura ng kolonya sa pamamagitan ng iba't ibang impluwensya

U 5. Bakit ikinagalit ni Adolf Hitler ang mga probisyon ng Kasunduan sa Versailles?

A. Ginawang Mandated Territory ang lahat ng kolonya ng Germany
B. B. Pinagbayad ang Germany ng malaking halaga para sa reparasyon
C. Dahil ito ay kasunduang nabuo lamang ng samahang Triple Entente

D. Naniniwala si Hitler na labis na naapi ang Germany sa mga probisyong nakasaad dito

K 6. Ang kasunduan ng mga bansa na nagbigay hudyat sa pagwawakas ng World War I

A. Treaty of Paris
B. United Nations
C. League of Nations
D. Treaty of Versailles

Suriin ang T-diagram sa ibaba, gawing gabay ito upang masagot ang tanong sa bilang 7-8



P 7. Alin sa mga sumusunod ang impormasyong dapat ilagay sa gitna ng T-diagram?

A. 17th parallel at 38th parallel
B. 38th parallel at 17th parallel
C. 19th parallel at 38th parallel
D. 38th parallel at 19th parallel

P 8. Mahihinuha sa mga impormasyon sa T- diagram, na nahati ang Korea at Vietnam matapos ang World War I. Bakit kaya nagkaroon ng paghahati ang ilang bansa sa Asya?

A. Upang magkaroon ng tiyak na hangganan
B. Dahil sa magkaibang kultura ng dalawang bansa
C. Upang mas masukat ang pag-unlad ng ekonomiya ng dalawang bansa

D. Dahil sa magkaibang paniniwala, ideolohiya, at prinsipyo, ipinaglalaban ng bawat bansa

U 9. Pahayag I: Ang United Nations ay naging matagumpay na pigilan ang pagsiklab ng digmaang pandaigdig dahil ito ay nagging pandaigdigang forum upang pag-usapan ang sigalot ng mga bansa

Pahayag II: Nabigo ang UN na magpatupad ng mga resolusyon ukol sa pang-aabuso ng Israel sa karapatang pantao ng mga Palestinian.

A. Tama ang pahayag I at Mali ang pahayag II
B. Mali ang pahayag I at tama ang pahayag II
C. Parehong tama ang pahayag I at II
D. Parehong mali ang pahayag I and II

K 10. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang naging hudyat o dahilan sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig?
A. Pagpapakamatay ni Adolf Hitler matapos sumalakay ang Allied Powers
B. Pagpapalabas ng labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
C. Pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand ng Austria sa Sarajevo, Bosnia
D. Pagwawakas ng mga Imperyo sa Europa tulad ng Alemanya, Austria- Hungary, Rusya, at Ottoman

U 11. Isang bagong daigdig ang umusbong pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Alin ang hindi kabilang sa mga pangyayari pagkatapos ng digmaan?

A. Naitatag ang United Nation
B. Nagkaroon ng World War III
C. Nawala ang Fascism at Nazism
D. Nagkaroon sa daigdig ng labanan ng ideolohiya

U 12. Alin sa mga sumusunod ang nagtatakda ng pagiging kaanib ng UN?

A. Mga bansang nanalo sa digmaan
B. Bansang may kakayahang magbigay ng taunang butaw
C. Anumang sukat at populasyon ng bansa na nagmamahal sa kalayaan
D. Mga bansang naapektuhan ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Gamitin ang mga larawan upang masagot ang tanong bilang 13.

Source: http://library.thinkquest.org/06aug/02455/pictures/worldwarII.jpg

P 13. Alin sa mga sumusunod ang mahihinuha mo mula sa larawan?

A. Maraming ari-arian at buhay ang nawawasak dahil sa digmaan
B. Malaking halaga ang kailangan para sa reparasyon pagkatapos ng digmaan
C. Sa mga digmaan, walang panalo, walang talo, lahat ng bansang sangkot ay apektado
D. Lahat ng nabanggit

K 14. Ang Cold War ay digmaan ng nagtutungaling ideolohiya ng dalawang makapangyarihang bansa o superpower. Anong dalawang bansa ang nakaranas nito matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?

A. US at USSR
B. US at France
C. Germany at USSR
D. Germany at France

U 15. Alin sa mga sumusunod ang tiyakang pakinabang na matatanggap ng mga bansa kung sasanib sila sa APEC?

A. Karagdagang subsidiya sa pagtatayo ng mga imprastraktura
B. Tulong militar laban sa magtatangkang sakupin ang kalabang bansa
C. Pagtutulungang ekonomiya at teknikal sa pag-papaunlad ng agham at ekonomiya
D. Pagpasok sa pamilihan at pag-aalis ng buwis sa mga produkto ng mga kasaping bansa

P 16. Anong konklusyon ang mahihinuha mo sa pahayag na “ Ang kasunduan sa Versailles ang nagsilbing binhi ng World War II”

A. Pabor sa lahat ng bansang sangkot ang mga probisyon ng kasunduan sa Versailles
B. Ang kasunduan sa Versailles sa pagitan ng Allies at Germany ang opisyal na nagwakas sa Unang Digmaang Pandaigdig
C. Ang mga probisyon ng Kasunduan sa Versailles ang nagtulak sa Germany upang maghimagsik sa mga arkitekto nito
D. Naging mahina ang League of Nationsna isa sa mga probisyon ng kasunduan upang mapanatili ang kapayapaan ng mga bansa

U 17. Ang mga pahayag sa ibaba ay maaaring maranasan ng mga mamamayang naninirahan sa US at Pilipinas, alin ang hindi kabilang?

A. May karapatang makaboto
B. May kalayaan sa pananampalataya
C. Militar ang nangingibabaw sa sibilyan
D. Lahat ng mga mamamayan ay may karapatan sa edukasyon

U 18. Malaki ang naging epekto ng Cold War s ekonomiya ng mga bansa sa Asya at Kanluran. Paano nagsimula ang Cold War?

A. Pagnanais ng Russia na sakupin ang United States
B. Tinanggihan ng Russia ang mga kalakal mula sa United States
C. Pangingibabaw ng dalawang ideolohiya ng dalawang makapangyarihang bansa
D. Hindi pagbibigay ng pahintulot ng United States sa mga Ruso na makapasok sa kanilang bansa

P 19. Alin sa mga sumusunod ang ipinakikita ng *chain of events* sa ibaba.



A. Mga salik na nagbigay daan sa World War I
B. Mga salik na nagbigay daan sa World War II
C. Mga pangyayaring naganap sa World War

D. Mga pangyayaring naganap sa World War II

Basahin at unawain ang talata sa ibaba upang sagutin ang tanong.

Noong World War II, nakalikha ang United States ng sandatang nukleyar sa ilalim mg Manhattan Project. Ang lakas ng pwersang pinapakawalan ng bombang ito ay katumbas ng pinasabog na TNT na nasa kilotons o megatons ang bigat.

Ika-6 ng Agosto 1945 nang hulugan ng bombang nukleyar ng mga Amerikano ang Hiroshima at Nagasaki sa Japan. Nagdulot ito ng pagkasawi ng maraming tao at pagkawasak ng mga imprastraktura. Disyembre 1983, nang may ilang siyentipikong naglabas ng kanilang pag-aaral sa posibleng epkto ng pagpapasabog ng sandatang nukleyar sa mga klima sa mundo na tinawag na nuclear winter theory. Ayon sa teorya, ito ay magtatapon ng usok at alikabok na sapat upang takpan ang araw sa loob ng maraming buwan na magiging sanhi ng paglamig ng klima ng mundo na ikamamatay ng mga halaman at mga bagay na may buhay.

Pinagkunan- http://en.wikipedia.org/wiki/Nuclear_Weapons

U 20. Inilahad sa talata sa itaas ang posibleng epekto ng sandatang nukleyar sa daigdig? Sa iyong palagay, alin sa mga sumusunod ang nararapat ipatupad ng mga bansa sa daigdig hinggil dito?

A. Maaaring gumamit ng plantang nukleyar upang mapanatili ang kapayapaan sa daigdig
B. Dapat ipagbawal ang paggamit nito upang maiwasan ang epekto sa tao at halaman
C. Nararapat magkaroon ng patakaran sa paggamit at siyasatin ang mga plantang nukleyar ng mga bansa
D. Nararapat na magkaroon ang bawat bansa ng sandatang nukleyar sapagkat mahalaga sa bawat bansa ang pwersa.

ARALIN 1: ANG UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG



ALAMIN

Malalaman sa Yunit na ito ang mga dahilan at mga pangyayaring nagbigay-daan sa Unang Digmaang Pandaigdig, gayundin ang mga usapin ng mga bansang sangkot sa digmaan.Bibigyang- pansin din ang matinding epekto nito na nag-iwan ng malalim na sugat at aral sa kasaysayan ng sangkatauhan. Tatalakayin din ang pagsisikap ng mga bansa upang makamit ang kapayapaang Pandaigdig. Inaasahang masasagot ng mga mag-aaral ang tanong na **Paano nagsikap ang mga bansa upang wakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig?** Ngayon, simulan mo nang basahin ang kasunod na teksto at ihanda ang iyong sarili sa pagtupad sa iba't ibang gawain.

GAWAIN BLG.1: Konseptong Nais Ko, Hulaan Mo

Basahin ang mga clue sa bawat bilang. Tukuyin ang mga konseptong inilalarawan sa pamamagitan ng pagpupuno ng wastong letra sa loob ng mga kahon.

1. Pagkakampihan ng mga bansa

A		**Y**				**A**

2 Pagpapalakas ng mga bansang sandatahan ng mga bansa sa Europe

M			I	T	A			S		O

3. Panghihimasok ng makapangyarihang bansa sa mahinang bansa.

I		P			Y		L				O

4. Pagmamahal sa bayan

N		S			N		L			M	

5. Bansang kaalyado ng France at Russia

G				T	B			T			N

6. Organisasyon ng mga bansa pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig

	E				E		F		A			O		

7. Kasunduang nagwakas sa Unang Digmaang Pandaigdig

V			S		I		L		S

8. Ang entablado ng Unang Digmaang Pandaigdig

		R			P	

9. Siya ang lumagda sa Proclamation of Nuetrality

W			D		O				L			N

10. Alyansang binubuo ng Austria, Hungary, at Germany

T				L	E		L		I		N		E

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mahihinuha sa salitang iyong nabuo?
2. May magkakaugnay bang salita? Kung mayroon, paano ito nagkaugnay?
3. Ano ang kaugnayan nito sa naganap na Unang Digmaang Pandaigdig?

GAWAIN BLG. 2: *Graphic Organizer*

Matapos masagutan ang gawain, Punan ng impormasyon ang *Facts Storming Web* sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga kasunod na tanong.

FACTS STORMING WEB



Pamprosesong Tanong

1. Ano ang naging batayan mo sa pagsagot ng gawain?
2. Bakit kaya nagkakaroon ng digmaan?
3. Ipaliwanag ang mga posibleng mangyari sa panahon ng digmaan?
4. May pagkakatulad ba ang kasagutan mo sa kasagutan ng kaklase mo? sa paanong paraan?

Maaaring magpalitan ng mga tanong at kuro-kuro hinggil sa mga kasagutan.

GAWAIN BLG. 3- Larawang Suri

Suriin ang mga larawan at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Source:https://www.google.com.ph/search?q=world+war+i+pictures&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=OqF4UrPRINOciQf3zYHgAw&sqi=2&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1208&bih=598

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang ideyang ipinakikita ng larawan?
2. Kung magiging saksi ka sa ganitong pangyayari, ano ang posible mong maramdaman?
3. Paano kaya maiiwasan ang mga digmaan sa daigdig?

PAUNLARIN

Matapos mabatid ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa Unang Digmaang Pandaigdig, marahil ay marami ka pa ring katanungan na nais masagot tungkol sa paksa. Handa ka na bang tuklasin ang mga pangyayari,mga dahilan at epekto ng Unang Digmaang Pandigdig**?** Nais mo rin bang malaman ang mga hakbang na ginawa ng mga pinuno upang wakasan ang digmaan? Basahin ang kasunod na teksto sa nasa ibaba at humanda sa pagsagot ng mga gawain kaugnay ng paksa.

Mga Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig

1. **Nasyonalismo** -Ang damdaming nasyonalismo ay nagbubunsod ng pagnanasa ng mga tao upang maging malaya ang kanilang bansa. Kung minsan, ito ay lumalabis at nagiging panatikong pagmamahal sa bansa. Halimbawa, ang mga Junker, ang aristokrasyang militar ng Germany, ay naniwalang sila ang nangungunang lahi sa Europe. May mga bansang masidhi ang paniniwalang karapatan nilang pangalagaan ang mga kalahi nila kahit nasa ilalim ng kapangyarihan ng ibang bansa. Isang halimbawa ay ang pagnanais ng Serbia na angkinin ang Bosnia at Herzegovina na nasa ilalim ng Austria. Kabilang pa rito ay ang pagkamuhi ng mga Serbian dahil sa mahigpit na pamamahala ng Austria. Marami rin sa mga estado ng Balkan na Greek Orthodox ang relihiyon, at ang pananalita ay tulad ng mga Ruso. Itong dahilan ng Russia upang makialam sa Balkan. Gusto ring maangkin ng Russia ang Constantinople upang magkaroon siya ng daungang ligtas sa yelo. Sa kabilang dako, nais angkinin ng Italya ang Trent at Triste na sakop din ng Austria. Ang France naman ay nagnais ding maibalik sa kaniya ang Alsace-Lorraine na inangkin ng Germany noong 1871 bunga ng digmaan ng France at Prussia (Germany). Dahil dito, ipinalagay ng maraming Pranses na natural nilang

Nasyonalismo
Source:
http://i982.photobucket.com/albums/ae306/etajima62/presente.jpg

Mula sa teksto, isa-isahin ang mga bansa na nagpakita ng diwang nasyonalismo

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. **Imperyalismo** – Isa itong paraan ng pang-aangkin ng mga kolonya at pagpapalawak ng pambansang kapangyarihan at pag- unlad ng mga bansang Europeo. Ang pag- uunahan ng mga makapangyarihang bansa na sumakop ng mga lupain at magkaroon ng kontrol sa pinagkukunang-yaman at kalakal ng Africa at Asia ay lumikha ng samaan ng loob at pag-aalitan ng mga bansa. Halimbawa, sinalungat ng Britanya ang pag-angkin ng Germany sa Tanganyika (East Africa) sapagkat balakid ito sa kanyang balak na maglagay ng transportasyong riles mula sa Cape Colony patungong Cairo. Tinangka namang hadlangan ng Germany ang pagtatatag ng French Protectorate sa Morocco sapagkat naiinggit ito sa mga tagumpay ng France sa Hilagang Aprika. Sa gitnang silangan, nabahala ang Inglatera sa pagtatatag ng Berlin-Baghdad Railway sapagkat ito'y panganib sa kaniyang lifeline patungong India. Ang pagpapalawak ng hangganan ng Austria sa Balkan ay tumawag ng pansin at mahigpit na pagsalungat ng Serbia at Russia. Naging kalaban din ng Germany ang Britanya at Hapon sa pagsakop sa Tsina . Hindi nasiyahan ang Germany at Italya sa pagkakahati-hati ng Aprika sapagkat kaunti lamang ang kanilang nasakop samantalang malaki ang nabahaging nakuha ng Inglatera at France.

3. Militarismo- Upang mapangalagaan ang kani-kanilang teritoryo, kinakailangan ng mga bansa sa Europe ang mahuhusay at malalaking hukbong sandatahan sa lupa at karagatan, gayundin ang pagpaparami ng armas. Ito ang naging ugat ng paghihinalaan at pagmamatyagan ng mga bansa. Nagsimulang magtatag ng malalaking hukbong pandagat ang Germany. Ipinalagay na ito'y tahasang paghamon sa kapangyarihan ng Inglatera bilang Reyna ng Karagatan.

Paano naging ugat ng Unang Digmaang Pandaigdig ang Imperyalismo at Militarismo?

Naging dahilan ng Unang Digmaang Pandaigdig ang imperyalismo dahil

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Naging dahilan ng Unang Digmaang Pandaigdig ang imperyalismo sapagkat

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. **Pagbuo ng mga Alyansa-** Dahil sa inggitan, paghihinalaan at lihim na pangamba ng mga bansang makapangyarihan, dalawang magkasalungat na alyansa ang nabuo – ang Triple Entente at ang Triple Alliance. Binubuo ng Germany, Austria-Hungary at Italya, ang Triple Entente. Sa ilalim ng alyansa, nangako ang bawat kasapi na magtulungan sakaling may magtangkang sumalakay sa kanilang bansa. Nais din ng alyansaa na pantayan ang lakas ng Triple Alliance. Samantala, sumali ang Germany sa grupo dahil nais mapigilan ang impluwensiya ng Russia sa Balkan.

   Itinatag naman ni Bismarck ang Triple alliance nong 1882. Resulta ito ng di-pagkakaunawaan at hidwaan sa pagitan ng Russia at Pransiya noong 1884(Dual Alliance), ng Pransya at Britanya noong 1904 (Entente Cordiate) at ng Britanya at Russia noong 1907, Bilang ganti, sumali ang Pransya sa Triple Entente. Ang Russia naman gaya ng nabanggit na, ay karibal ng Germany at Austria sa rehiyon ng Balkan. Ang Hague Court of Arbitration na itinatag noong 1899 ay hindi naging mabisa dahil hindi naman obligado ang isang bansang mapailalim dito. Ang unang pagpupulong sa Hague noong 1899 na pinatnubayan ni Czar Nicholas II ng Russia. Ang pangalawang pagpupulong sa Hague ay noong 1907, sa mungkahi ni PangulongTheodore Roosevelt. Nabigo rin ito. Layunin nitong magpabawas ng armas ngunit nagkaroon ng unawaan tungkol sa lalong makataong paglalabanan. Sa kasamaang-palad, ang mga kasunduang ito ay nabura nang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig.

Triple Entente/ Alliance Source: http://tomatobubble.com/sitebuildercontent/sitebuilderpictures/entente.gif

Pandaigdig na Hidwaan Source: http://www.athyheritagecentre-museum/img/worldwar.jpg

Alin kaya sa mga nabanggit na sanhi ang tunay na nagpatindi ng tensiyon upang magsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig? Bsahin ang kasunod na teksto upang malaman ang sagot.

Ang Pagsisimula at Pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig

Ang krisis na naganap sa Bosnia noong 1914 ang naghudyat sa pagsisimula ng World War I. Noong Hunyo 28,1914, pinatay si Archduke Franz Ferdinand at ang asawa nitong si Sophie ni Gavrilo Princip habang sila ay naglilibot sa Bosnia na noon ay sakop ng Imperyong Austria-Hungary. Narito ang mga pangyayaring nagbunsod sa Unang Digmaang Pandaigdig.

1. **Ang Digmaan sa Kanluran-** Dito naganap ang pinakamainit na labanan noong Unang Digmaang Pandaigdig. Ang bahaging nasakop ng digmaaan ay mula sa hilagang Belhika hanggang sa hangganan ng Switzerland. Lumusob sa Belhika ang hukbong Germany at ipinagwalang-bahala nitong huli ang pagiging neutral na bansa nito. Ito ang paraang ginamit nila upang malusob ang France. Ngunit sila'y inantala ng magiting na pagsasanggalang ng mga taga-Belhika sa Leige.

Digmaan sa Kanlurang Europe

Source:http://i.dailymail.co.uk/i/pix/2013/10/07/article-2448492-0F7F8D0300000578-555_634x402.jpg

Halaw sa PROJECT EASE- Module 17- Labanan ng mga Bansa sa Daigdig ph. 9-12

2. Ang Digmaan sa Silangan- Lumusob ang Russia sa Prussia (Germany) sa pangunguna ni Grand Duke Nicholas, pamangkin ni Czar Nicholas II. Ngunit nang dumating ang saklolo ng Germany, natalo ang hukbong Ruso sa Digmaan ng Tannenberg. Nagtagumpay ang Hukbong Ruso sa Galicia. Ngunit hindi nagtagal ang tagumpay nila. Sila ay pinahirapan ng mga Aleman sa Poland. Dito tuluyang bumagsak ang hukbong sandatahan ng Russia. Ang sunod-sunod nilang pagkatalo ang naging dahilan ng pagbagsak ng dinastiyang Romanov noong Marso 1917 at ang pagsilang ng Komunismo sa Russia. Upang makaiwas ang Russia sa digmaan, nakipagkasundo si Lenin sa ilalim ng pamahalaang Bolshevik sa Germany sa pamamagitan ng paglagda sa Treaty of Brest-Litovsk. Iniwan ng Russia ang mga Alyado at sumapi sa Central Powers.

3. Ang Digmaan sa Balkan- Lumusob ang Austria at tinalo ang Serbia pagkaraan ng ilang buwan. Upang makaganti ang Bulgaria sa pagkatalo, sumapi ito sa Central Powers noong Oktubre, 1915. Sa taong 1916, karamihan sa mga estado ng Balkan ay napasailalim na ng Central Powers. Ang Italya naman ang tumiwalag sa Triple Alliance at nanatiling neutral. Noong 1915, sumali ito sa magkaanib na bansa. Hinangad na maangkin ang mga teritoryong Latin na hawak ng Austria (Italy Irrendenta) at ang mga kolonya nito sa Africa. Ang Turkey ay kumampi sa Germany upang mapigilan ang Russia sa pag-angkin sa Dardanelles.



Source:
http://mentalfloss.com/sites/default/files/Balkan-War-combatants_5.jpg

4. Ang Digmaan sa Karagatan -Sa unang bahagi ng digmaan ay nagkasubukan ang mga hukbong pandagat ng Germany at Britanya. ang Naitaboy ng mga barkong pandigma ng Germany mula sa Pitong Dagat (Seven Seas) lakas pandagat ng Britanya. Dumaong ang bapor ng Germany sa Kanal Kiel at naging mainit ang labanan. Makapangyarihan ang hukbo ng mga alyado sa dagat. Sa kabilang dako, ang mabibilis na raider at mga submarinong U-boats ng kanilang kalaban ay nakagawa ng malaking pinsala sa kalakalang pandagat ng mga Alyado. Ang pinakamabagsik na raider ng Germany ay ang Emden. Sa dakong huli, napalubog ito ng Sydney, isang Australian cruiser.

Halaw sa PROJECT EASE- Module 17- Labanan ng mga Bansa sa Daigdig ph. 13-17

Digmaan sa Karagatan

Source:http://militaryfactory.com/ships/imgs/bretagne-1915.jpg

Nalaman mo na ang mga pangyayaring naganap sa Unang Digmaang Pandaigdig. Bakit sinasabing ang digmaan sa Kanluran ang pinakamahigpit at mainit na digmaan? Ano kaya ang posibleng maging epekto nito sa mga bansa, Basahin ang kasunod na teksto.

Mga Naging Bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig

Matinding pinsala ang naidulot ng Unang Digmaang Pandaigdig sa buhay at ari-arian. Tinatayang umabot sa 8,500,000 katao ang namatay sa labanan. Nasa 22,000,000 naman ang tinatayang nasugatan. Samantalang 18,000,000 an sibilyang namatay sa gutom, sakit at paghihirap. Napakaraming ari-arian ang nawasak at naantala ang kalakalan, pagsasaka at iba pang gawaing pangkabuhayan. Ang nagastos sa digmaan ay tinatayang umabot sa 200 bilyong dolyar.

Sadyang nabago ang mapa ng Europedahil sa digmaan. Nag-iba rin ang kalagayang pampolitika sa buong daigdig. Ang Austria at Hungary ay nagkahiwalay. Ang mga bansang Latvia, Estonia, Lithuania, Finland, Czechoslovakia, Yugoslavia at Albania ay naging malalayang bansa. Apat na imperyo sa Europe ang nagwakas: ang Hohenzollern ng Germany, Hapsburg ng Austri-Hungary, Romanov ng Russia at Ottoman ng Turkey. Nabigo ang mga bansa sa pagkakaroon ng pangmatagalang kapayapaaan sa daigdig. Ang mga itinalaga ng kasunduan sa Versailles ay nagtanim ng hinanakit sa Germany. Lubhang marahas ang mga parusang iginawad sa Germany. Ang pagkapahiya ng Germany ang dahilan ng muli nilang paghahanda upang muling makipaglaban sa mga bansang Alyado.

Halaw sa PROJECT EASE- Module 17- Labanan ng mga Bansa sa Daigdig ph. 13-17



http://ritter.tea.state.tx.us/student.assessment/resources/online/2003/grade10/ss/p103.gif

Mga Kasunduang Pangkapayapaan

Umisip ng paraan ang mga nanalong bansa upang maiwasan ang digmaan na pinaniniwalaan nilang salot sa kapayapaan. Bumalangkas sila ng kasunduang pangkapayapaan sa Paris noong 1919-1920. Ang mga pagpupulong na ito ay pinangunahan ng tinatawag na Big Four: Pangulong Woodrow Wilson ng US ; Punong Ministro David Llyod George ng Great Britain; Vittorio Emmanuel Orlando ng Italy; at ang Punong Ministro Clemenceau ng France. Ang pangunahing nilalaman ng mga kasunduan ay ibinatay sa Labing-apat na Puntos (Fourteen Points) ni Pangulong Wilson.

Ang Labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson

Binalangkas ni Pangulong Wilson noong Enero, 1918 ang labing-apat na puntos na naglaman ng mga layunin ng United States sa pakikidigma. Naglaman din ito ng kaniyang mga ideya tungkol sa isang "kapayapaang walang talunan" para sa kapakinabangan ng lahat ng bansa. Tatlo sa mga puntos na napagkasunduan ang sumusunod:

1. katapusan ng lihim na pakikipag-ugnayan;
2. kalayaan sa karagatan;
3. pagbabago ng mga hangganan ng mga bansa at paglutas sa suliranin ng mga kolonya ayon sa sariling kagustuhan ng mga mamamayan
4. pagbabawas ng mga armas;
5. pagbabawas ng taripa;
6. pagbuo ng Liga ng Mga Bansa.



Woodrow Wilson
Source:
http://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/5/53/Thomas_Woodrow_Wilson,_Harris_%26_Ewing_bw_photo_portrait,_1919.jpg

Magtala ng ilang katangian ni Pangulong Wilson bilang isang lider.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Ang Liga ng Mga Bansa

Ang pagkakaroon ng isang pandaigdigang samahan ng mga bansa ay matagal nang pangarap ni Pangulong Wilson. Sa wakas, nagtagumpay siya sa panghihikayat sa mga pinuno ng mga bansang alyado naitatag at sumapi sa Liga ng mga Bansa. Ang konstitusyon nito ay napaloob sa kasunduan sa Versailles na may sumusunod na mga layunin:

1. maiwasan ang digmaan;
2. maprotektahan ang mga kasaping bansa sa pananalakay ng iba;
3. lumutas sa mga usapin at hindi pagkakaunawaan ng mga kasapi
4. mapalaganap ang pandaigdigang pagtutulungan, at
5. mapalaganap ang mga kasunduang pangkapayapaan.

Ilan sa mga nagawa ng Liga ng mga Bansa ang sumusunod:

1. Napigil nito ang ilang maliliit na digmaan sa pagitan ng Finland at Sweden noong 1920, Bulgaria at Greece noong 1925, at Colombia at peru noong 1934.
2. Pinangasiwaan nito ang iba't ibang mandato.
3. Pinamahalaan nito ang rehabilitasyon ng mga sundalo pagkatapos ng digmaan.

Halaw sa PROJECT EASE- Module 17- Labanan ng mga Bansa sa Daigdig ph. 22-24

Pulong ng myembro ng Liga ng mga Bansa
Source: http://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/c/cd/Waffenstillstand_gr.jpg

Naging sapat kaya ang mga kasunduan ng mga bansa upang tuluyang matuldukan ang Unang Digmaang Pandaigdig? Natupad kaya ni Pangulong Wilson ang kapayapaang matagal niyang hinangad? Naging pabor kaya sa lahat ng bansa ang mga probisyon ng Kasunduan? Bakit nagkaroon ng lihim na kasunduang lingidsa kaalaman ni Pangulong Wilson? Halina at alamin ang mga kasagutan.

Mga Lihim na Kasunduan Lingid sa Kaalaman ni Pangulong Wilson

Lingid sa kaalaman ng Britanya, France at iba pang bansa, ang ibang miyembro ng Alyado ay gumawa ng lihim na kasunduan. Nagdesisyon silang hatiin ang kolonya at teritoryo ng Central Powers. Halimbawa, pinangakuan ang Italya ng teritoryong hindi naman nito sakop. Ang Turkey naman ay maaaring paghati-hatian ng ibang maiimpluwensiyang bansa.

Pormal itong naganap nang mabuo ang kasunduan sa Versailles. Naisagawa ang mga sumusunod na pangyayari:

1. Nawalang lahat ang mga kolonya ng Germany. Ibinigay ang mga teritoryong Posen, Kanlurang PRussia at ang Silesia sa bagong Republika ng Poland. Ang Danzig ay naging malayang lungsod sa pangangasiwa ng mga Alyado bilang mandato.
2. Ang Alsace-Lorraine ay naibalik sa France. Ang Saar Basen ay napasailalim ng pamamahala ng Liga ng mga Bansa sa loob ng labinlimang taon.
3. Ang Hilagang Schleswig ay ibinigay sa Denmark.
4. Lubhang pinahina ang hukbong sandatahan ng Germany sa lupa at sa dagat. Binawasan ito ng marami at ang pinaglalakbayang ilog ng Germany at ipinagbawal ang kanilang mga partisipasyon sa anumang digmaan.
5. Ang Kanal Kiel at ang lahat ng mga pinaglakbayang ilog ay ginawang pang-internasyonal.
6. Pinagbawalang gumawa ng mga armas at amyunisyon ang Germany.
7. Ang Germany ay pinapangakong magbayad ng malaking halaga sa mga bansang napinsala bilang reparasyon. Ang layunin ng mga gumawa ng kasunduang ito ay upang lubusang pilayin ang Germany nang hindi na ito muling magtangkang gambalain ang kapayapaan ng daigdig.

Halaw sa PROJECT EASE- Module 17- Labanan ng mga Bansa sa Daigdig ph. 23-24

Basahin din ang Kasaysayan ng Daigdig, Teofista L. Vivar et al, ph.243-250 at Kasaysayan ng Daigdig, Grace Estela C. Mateo, Ph.D, et.al, ph. 309-319.

GAWAIN BLG. 4: Story Map

Batay sa binasang teksto, punan ng impormasyon ang *Story Map* upang masuri ang dahilan, pangyayari, at epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig.



Pamprosesong Tanong:

1. Sino-sinong pinuno ang nanguna sa Unang Digmaang Pandaigdig**?**
2. Saang bahagi ng daigdig naganap ang pinakamainit na labanan?
3. Ipaliwanag ang simula, mahahalagang labanan, mga kasunduang naganap at naging wakas ng Digmaang Pandaigdig.
4. Paano nakaapekto ang digmaang ito sa mundo?

GAWAIN BLG. 5: Pangkat namin: The Best To

Magpangkat-pangkat at isagawa ang gawaing napatakda sa grupo.

Unang Pangkat: *Panel Interview* - Tungkol sa mga dahilan ng Unang Digmaang Pandaigdig

Ikalawang Pangat*:* *Human Frame*- Tungkol sa mahahalagang pangyayaring naganap sa sa Unang Digmaang Pandaigdig

Ikatlong Pangat: *Role Play* -Tungkol sa epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig

Ikaapat na Pangkat: Isadula ang pagpupulong ng mga bansa upang makamit ang Kapayapaang Pandaigdig

Pamprosesong Tanong:

Batay sa ipinakitang pangkatang gawain, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano- ano ang dahilan ng Unang Digmaang Pandaigdig?
2. Ilarawan ang mahahalagang pangyayaring naganap sa Unang Digmaang Pandaigdig
3. Bakit napilitan ang United States na makisangkot sa digmaan?
4. Ipaliwanag ang epekto o bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig?
5. Nakabuti ba ang usapang pangkapayapaan na pinangunahan ng Alyadong Bansa? Bakit?
6. Bakit nagkaroon pa rin ng lihim na kasunduan na lingid kay Pangulong Wilson?
7. Bakit hindi naging kasiya-siya sa ibang bansang kasangkot sa Unang Digmaang Pandaigdig ang Kasunduan sa Versailles?
8. Paano nagsikap ang mga pinuno ng mga bansa na wakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig?

GAWAIN BLG. 6: Kapayapaan, Hangad Ko

Gamiting gabay ang binasang teksto tungkol sa Kasunduang Pangkapayapaan at Liga ng mga Bansa , upang makabuo ng mga ideya na isusulat sa *cloud callout*. Sikaping makabuo ng ideya na nagpapakita ng pagsisikap ng mga pinuno ng mga

bansa na mawakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig. Bigyang-pansin ang mga hakbang na kanilang ginawa upang wakasan ang digmaan.



Pamprosesong Tanong

1. Paano ipinakita ng mga lider ang kanilang paghahangad sa kapayapaan?
2. Kung isa ka sa kanila, gagawin mo rin ba ang kanilang ginawa? Bakit?
3. Sa iyong palagay, epektibo ba ang kanilang hakbang upang makamit ang tunay na kapayapaan?

GAWAIN BLG. 7: Magpaliwanag Tayo

Ang sumusunod na pahayag ay binanggit ng mga lider na nakilala noong Unang Digmaang Pandaigdig. Gamit ang 2-3 pangungusap ipaliwanag ang kahulugan ng bawat pahayag sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa paksang tinalakay.

Pahayag	Paliwanag
1. *"Ang United States ay lumahok sa digmaan upang gawing mapayapa ang mundo para sa demokrasya"* -Woodrow Wilson	
2. *" Ang mga alitan ay dapat na lutasin hindi sa pamamagitan ng kumprehensya kundi sa pamamagitan ng dugo at bakal* -Otto von Bismarck	
3. *"Lahat ng ilawan sa Europe ay nawalan ng liwanag, at hindi natin makikita ang kanilang pag-iilaw na muli sa loob ng mahabang panahon"* -Edward Grey	

PAGNILAYAN/UNAWAIN

Sa bahaging ito, pagtitibayin mo ang mga nabuong pag-unawa tungkol sa paksa. Inaasahan ding kritikal mong masusuri ang mga dahilan, pangyayari at epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig.

GAWAIN BLG. 8: Islogan Ko, Para Sa Bayan

Gumawa ng islogan na nagpapahiwatig ng iyong matinding pagtutol sa mga kaguluhan at digmaan sa daigdig. Isulat ito sa graphic organizer sa ibaba.



GAWAIN BLG. 9: Imahinasyon Ko Sa Mapayapang Mundo

Basahin o awitin ang “Imagine”, awitin ni John Lennon. Pagkatapos, suriin ang nilalaman nito at iugnay sa Unang Digmaang Pandaidig. Ipakita ito sa iba’t ibang malikhaing paraan tulad ng pagguhit. Ibahagi sa klase angginawa sa pamamagitan ng malayang talakayan sa tulong ng mga tanong sa ibaba.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mensaheng nais ipabatid ng awit?
2. Aling bahagi ng awit ang pumukaw nang lubos sa iyong pansin? Bakit?
3. Paano mo ilalarawan ang isang bagong daigdig batay sa awitin?
4. Sa iyong palagay, posible kayang magkaroon ng tunay na pagkakaisa, kapayapaan at pagtutulungan ang mga bansa sa daigdig? Ipaliwanag.
5. Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong upang magkaroon ng pambansang pagkakaisa at kaunlaran ang bansa?

"Imagine"

John Lennon

Imagine there's no heaven
It's easy if you try
No hell below us
Above us only sky
Imagine all the people
Living for today...
Imagine there's no countries
It isn't hard to do
Nothing to kill or die for
And no religion too

Imagine all the people
Living life in peace...
You may say I'm a dreamer
But I'm not the only one
I hope someday you'll join us
And the world will be as one

Imagine no possessions
I wonder if you can
No need for greed or hunger
A brotherhood of man
Imagine all the people
Sharing all the world..

You may say I'm a dreamer
But I'm not the only one
I hope someday you'll join us
And the world will live as one

Pinagkunan- www.oldielyrics.com/lyrics/john_lennon/emagine.html

GAWAIN BLG. 10: Damdamin Ng Mga Sundalo, AAlamin Ko**,**

Pag-aralan ang teksto tungkol sa kasunod na telegrama at talaarawan ng mga sundalo. Matapos mabasa ang telegrama at talaarawan, humanap ka ng kapareha at ibahagi ang iyong saloobin tungkol sa teksto. Gamiting gabay ang kasunod na mga tanong .

Mga Telegrama

Tsar to Kaiser
29 July 1914, 1 a.m.
Peter's Court Palais, 29 July 2014
Sa Majeste I Palais

Am glad you are back. In this serious moment, I appeal to you to help me. An ignoble war has been declared to a week country. The indignation in Russia shared fully by me is enourmous. I foresee that very soon I shall be overwhelmed by the pressure forced upon me and be forced to take extreme measures which will lead to war. To try and avoid such calamity as a European War I beg you in the name of our old friendship to do what you can to stop your allies from going too far.

Kaiser to Tsar
29 July 1914, 1.45 a.m. (this and the previous telegraph crossed)
28 July 1914

It is with the gravest concern that I hear of the impression which the action of Austria against Serbia is creating in your country. The unscrupulous agitation that has been going to Serbia for years has resulted in the outrageous crime, to which Archduke Francis Ferdinand fell a victim. The spirit that led Serbians to murder their own king nd his wife still dominates the country. You will doubtless agree with me that we both, you and me, have a common interest as well as all Sovereigns to insist that all the persons morally responsible to the dastardly murder should receive their deserved punishment. In this case politics plays no part at all. On the other hand, I fully understand how difficult it is for you and your government to face the drift of public opinion. Therefore, with regard to the hearty and tender friendship which binds us both from long ago with frim ties, I am exerting my utmost influence to induce the Austrians to deal straightly to arrive to a satisfactory understanding with you. I confidently hope that you will help me in my efforts to smooth over difficulties that may still arise.

www.firstworldwar.com

Introduction from Bob Mackay

This is the First World War Diary of my grandfather, Robert Lindsay Mackay (1896-1981), OBE, MC, MB, CHB, MD, DPH, giving an account of his day-to-day life with the 11th Battalion of the Argyll and Sutherland Highlanders from 1915 until the end of the war1972

Introduction from Robert Lindsay Mackay

2 August 1972

My Dear Alan, Sheila, Mary and Murray.

I finished, two days ago, what I intended to be positively the last contribution to my side of the family story, quite certain that apart from minor corrections here and there nothing more could be added. Then I looked around for something to do. It occurred to me to look at my diary of War I which had been in my desk or on my shelves, almost unopened and unread, for over fifty years!

Indeed, only three persons had read it, namely John Buchan (Lord Tweedsmuir) who had asked for a perusal of personal war diaries for his History of the 15th. Scottish Division, my friend the late Dr. D.T. McAinsh, M.C., and the third, strange to say, my next-door neighbour, Chatwin. About a month ago, Chatwin had been talking about the Somme Offensive of which he was a survivor when I mentioned I still had my Somme Diary, and he asked for the loan of it to compare with his experience in that prolonged battle.

I am not quite clear why I wrote this diary, day by day, a scrappy record of a scrappy period. I had no literary or military ambitions. My parents did not read it. Perhaps it was to provide a kind of continuous alibi, to remind me where I had been, perhaps an interesting memorial if I failed to return.

Like cakes off a hot griddle, it was written as events occurred, or immediately thereafter, in four little brown leather-covered notebooks, and when the war ended these were in no state to last long for they were soiled and grubby, and, where written in pencil, the writing was fading. So, in 1919, I copied their contents, straight off, without editing, into two larger note-books, and destroyed the four little ones.

You, Mary, arrived last night from Hull, with your two children, and the talk drifted on to the Highlands and to my family history. Urged on by you, and by Judith, whose family roots in England go back a century or two further than mine in Scotland, urged too by your Mother, I'll type out a copy for each of you, for your deed-box, and for futurity!

Love to you all,
Father

Background To the Diary

On 5th November 1914 Britain declared war on Turkey and a few days later the first echelon of an expeditionary force, consisting of the 16th Infantry brigade and two Indian mountain batteries under Brigadier-General Delamain, landed at Fao, a fortified town near the head of the Persian Gulf.

After two stubbornly contested engagements both Fao and Basra were captured. The invasion of Mesopotamia was ostensibly to protect the oil wells at the head of the Persian Gulf. This motive became obscured, however, when, lured by the prospect of capturing the legendary Baghdad, the British commander Gen. Sir John Nixon sent forces under Maj. Gen. Charles Townshend up the Tigris. After overwhelming a Turkish outpost near Qurna in an amphibious assault on May 31 1915, Townshend began to move inland. By September the British had taken Kut-el-Amara. Refusing to stop there, Nixon ordered the reluctant Townshend to continue northward.

Arriving (November) at Ctesiphon, Townshend discovered that the Turks had fortified extensively and had been reinforced to a strength of 18,000 regulars and additional Arabs, with 45 guns. Townshend mustered approximately 10,000 infantry, 1,000 cavalry, and 30 guns. He also had, for the first time in that theatre, a squadron of 7 aeroplanes. Townshend attacked Ctesiphon savagely on November 22, but after 4 days of bitter battle, during which more Turkish reinforcements arrived, Townshend withdrew to Kut. Kut was invested by the Turks on December 7.

In Mesopotamia, Townshend's besieged force at Kut-el-Amara vainly waited for help. The British suffered 21,000 casualties in a series of unsuccessful rescue attempts, and with starvation near, Townshend capitulated on April 29, surrendering 2,680 British of the 6th Division. By the time the Armistice was signed in 1918 1306 of these had perished and 449 remained untraced.

Of the 10486 Indians who surrendered, 1290 perished and 1773 were never traced. British and Indians alike left a trail of whitening bones along the awful road from Kut to Baghdad, to Mosul from there to Fion Kara Hissar in Asia Minor, Aleppo and even Constantinople. Never, until the disaster at Singapore in 1941, in the whole history of the British Army, had there been a surrender on the same scale.

This diary was put together by Lt. Edwin Jones who experienced many of the privations of the campaign. It provides a unique glimpse into the everyday life of a junior officer at the time. It is a pity that the diary finishes when it does for Edwin later took part in the drive towards Damascus under General Allenby before being demobbed in 1919.

Source: http://www.firstworldwar.com/diaries/whitmore.htm,,

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang magkakatulad na mensahe ng mga sundalo?
2. Ano ang naramdaman mo habang binabasa ang kanilang telegrama at talaarawan? Bakit?
3. Anong aral na napulot mo mula sa teksto? Ipaliwanang.

GAWAIN BLG. 11: Reflection Journal

Gumawa ng komitment sa reflection notebook. Gawing gabay ang sumusunod na tanong**.**

- Bilang isang mag-aaral , nabago ba ang iyong pananaw tungkol sa digmaan matapos malaman ang naging epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa buhay at ari-arian ng mga tao? Ipaliwanag ang sagot.
- Paano mo maipakikita ang iyong pagmamalasakit sa bansa?

Reflection Journal

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____.

ARALIN 2: Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig

ALAMIN

Mahusay ang ipinakita mo sa nakaraang aralin, binabati kita! Sa aralin ito, ay tatalakayin ang mga konseptong may kinalaman sa mga pangyayari,dahilan at pagwawakas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kasama na ang mga pagsusumikap ng mga bansang sangkot na makamit ang kapayapaan. Inaasahang sa pagtatapos ng aralin ay matalino mong masasagot ang tanong na**: Paano mo ipakikita ang pakikiisa upang maitaguyod ang kapayapaan sa iyong bansa?**

GAWAIN 1: Hula, Hoop!

Handa ka na bang simulan ang aralin? Kung handa ka na, tingnan natin kung kaya mong sagutin ang unang gawain. Isulat mo sa maliliit na *hula hoop* ang letra ng iyong tamang sagot.



1. Isa ito sa mga lugar sa Japan na pinasabog ng United States sa pamamagitan ng *atomic bomb*
2. Ito ang ideolohiyang pinairal ni Hitler noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig
3. Ito ang tawag sa samahan ng mga bansa na itinatag pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig



Matapos sagutan ang unang gawain, subukan mo namang tukuyin kung alin sa mga sumusunod na pahayag ang *fact* (katotohanan) at *view* (opinyon). Isulat ang tamang sagot sa patlang.

GAWAIN 2: *Right Angle Approach*



A. Ang mapusok na pamumuno ni Hitler sa Germany ay isa sa mga nagbunsod ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
B. *Fascism* ang tawag sa ideolohiyang pinairal ni Benito Mussolini sa Italy.
C. Nang salakayin ng Japan ang Pearl Harbor sa Hawaii, nagalit ang United States at nagdeklara ng digmaan laban sa Japan.
D. Umalis ang Germany sa *League of Nations.*
E. Sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, idineklarang *Open City* ang Maynila.
F. Lumaganap ang madugong Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa halos lahat ng bansa sa daigdig .

GAWAIN 3: Map Talk

Tuntunin sa mapa ang ilang lugar na naapektuhan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Piliin sa kahon sa ibaba ang tamang sagot.

The blank box should contain dots

Pananda:

= ilang lugar na sakop/sinalakay ni Hitler
= ilang lugar na sakop ni Mussolini
= ilang lugar na sakop ni Tojo

Pagpipilian:

France	*Hawaii*
Britain	*Egypt*
Somalia	*Pilipinas*

Gamit ang mga gabay, pangkatin ang mga bansang nasakop noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ayon sa pinunong sumakop sa kanila.

HITLER	MUSSOLINI	TOJO

GAWAIN 4: *I-R-f Chart*

Ano ang naging karanasan mo sa pagsagot sa mga naunang gawain? Huwag kang mag-alala paunang gawain pa lamang ito.Sa mga susunod na gawain, matutuklasan mo ang mga tamang kasagutan. Magpatuloy at sagutan ang ***IRF Chart***. Isulat sa hanay ng ***I*** *(Initial)* ang kasagutan sa tanong na "Sa kabila ng pagsisikap ng mga bansa na wakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig at magkaroon ng kapayapaan bakit nagkaroon pa rin ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?" Ang dalawang natitirang hanay ay sasagutan mo sa mga susunod na bahagi ng aralin.

I-R-F CHART

I – nitial answer	
R- evised answer	
F- inal answer	

Matapos mabatid ang lawak ng iyong dati nang kaalaman tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maaaring marami ka pang katanungan na nais masagot.

PAUNLARIN

Sa bahaging ito, inaasahang mas lalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa tungkol sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig,sa mga panyayaring nagbunsod nito,sa mga epekto nito at pagsusumikap ng mga bansang makamit ang kapayapaan. Maaari mong balikan ang mga kasagutan at katanungan na iyong nabuo sa unang bahagi ng araling ito.Handa ka na ba?Basahin ang teksto at sagutan ang mga Gawain.

GAWAIN 5: Magpangkat- Pangkat Tayo!

Magpangkat sa apat (4).Pagkatapos ay suriin ang dayagram sa ibaba at gawin ang paksang napatakda sa grupo.Iulat sa malikhaing paraan ang nabuong output ng pangkat.



I. **Unang Pangkat:**Dahilan ng Unang Digmaang Pandaigdig
II. **Ikalawang Pangkat:**Mahahalagang Pangyayari noong Ikalawang Digmaan Pandaigdig.
III. **Ikaltlong Pangkat:**Paksa: Mga Kaganapang nagbigay-daan sa pagwawakas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig
IV. **Ikaapat na Pangkat:**Epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Basahin ang mga teksto at gawin itong gabay sa pangkatang gawain. Maaari ring basahin ang Kasaysayan ng Daigdig nina Grace Estela Mateo, et. al. para sa karagdagang impormasyon.

Mga Sanhi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Hindi pa man lubusang nakababangon sa mga pinsala ng digmaan ang mga bansa sa daigdig, muling umigting ang mga hidwaan sa pagitan ng mga bansa. Dala na rin ito ng nasimulang ambisyon ng mga makapangyarihang bansa na maipagpatuloy ang pananakop at pagpapalawak ng kanilang teritoryo. Ang mga pangyayarig naganap at nagpasiklab ng ikalawang Digmaang Pandaigdig ay a ng mga sumusunod:

1. **Pag-agaw ng Japan sa Manchuria**

Noong 1931, inagaw ng Japan ang lunsod ng Manchuria. Kinundena ng Liga ng mga Bansa ang Japan at sinabing ang ginawang ito ay paglusob. Kasunod ng pagkundena,itiniwalag sa Liga ng mga Bansa ang Japan.

2. Pag-alis ng Germany sa Liga ng mga Bansa

Ang Germany naman ay tumiwalag sa Liga noong 1933 sapagkat ayon sa mga Aleman, ang pag-aalis at pagbabawal ng Liga sa pagsasandata ng Germany ay isang paraan ng pag-aalis ng karapatang mag-aarmas. Matapos tumiwalag, pinasimulan ni Adolf Hitler, ang lider ng Nazi, ang muling pagtatatag ng sandatahang lakas ng bansa. Layon ni Hitler na labagin ang kasunduan sa Versailles na naglagay sa Germany sa kahiya-hiyang kondisyon.Upang makabangon sa pagkagapi sa Unang Digmaang Pandaigdig, pinagbalakang mabuti ni Hitler ang mulng pananakop.

Bilang sagot ng mga bansa sa paghahanda ng Germany, ang France ay nakipag-alyansa sa Rusya laban sa Germany,

Sa iyong palagay, alin ang pinakamatinding sanhi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig? Bakit?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sanggunian: http://www.thejc.com/news/on-day/39302/on-day-nazi-germany-pulls-out-league-nations

Pinalilimitahan naman ng Inglatera ang bilang o laki ng puwersa ng Germany.Ngunit sa kabila nito'y nagpadala pa rin ng tropa sa SONA ang Germany.

3. **Pagsakop ng Italya sa Ethiopia**

Sa pamumuno ni Benito Mussolini, sinakop ng Italya ang Ethiopia noong 1935. Tuwirang nilabag ng Italya ang Kasunduan sa Liga *(Covenant of the League)*

4. **Digmaang Sibil sa Spain**

Nagsimula ang digmaang sibil sa Spain noong 1936 sa pagitan ng dalawang panig: ang pas istang *Nationalist Front* at ang sosyalistang *Popular Army.* Nanalo ang mga Nasyonalista. Marami ang nadamay sa digmaang sibil ng Spain dahil sa pakikialam ng ibang bansa.

5. **Pagsasanib ng Austria at Germany *(Anschluss)***

Nais ng mga mamamayang Austriano na maisama ang kanilang bansa sa Germany. Ngunit ang pagsisikap na ito ay sinalungat ng mga bansang kasapi sa *Allied Powers* (Pransya, Gran Britanya at Estados Unidos). Dahil sa kasunduan sa pagitan ng Italya at Germany na kinalabasan ng Rome - Berlin *Axis* noong 1936, ang pagtutol ni Mussolini sa nasabing unyon ng Austria at Germany ay nawalan ng bisa noong 1938.

6. Paglusob sa Czechoslovakia

Noong Setyembre 1938, hinikayat ni Hitler ang mga Aleman sa Sudeten na pagsikapan na matamo ng kanilang awtonomiya. Dahil dito, hinikayat ng Inglatera si Hitler na magdaos ng isang pulong sa Munich. Ngunit nasakop ni Hitler ang Sudeten at noong 1939, ang mga natitirang teritoryo sa Czechoslovakia ay napunta na rin sa Germany.

7. **Paglusob ng Germany sa Poland**

Huling pangyayari na nagpasiklab sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang pagpasok ng mga Aleman sa Poland noong 1939. Ang pagsakop na ito ay pagbaligtad ng Germany sa Russia na kapwa pumirma sa kasunduang Ribbentrop-Molotov, isang kasunduan ng hindi pakikidigma. Ang pagbaligtad na ito ay dulot ng sumusunod na pangyayari:

1.Hindi pagsali ng Russia sa negosasyon tungkol sa krisis ng Czechoslovakia.
2.Pagkainis ng Russia sa Inglatera nang ang ipinadalang negosyador ng Inglatera sa Kasunduan ng Pagtutulungan *(Mutual Assistance Pact)* ay hindi importanteng tao.

GAWAIN 6: Up The Stairs Timeline

Upang matiyak ang iyong pag-unawa sa mahahalagang pangyayaring nagbigay daan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, gawin ang *Up the Stairs Timeline* sa ibaba.Iguhit mo ito at pagkatapos ay isulat sa kahon ang mga pangyayaring naging dahilan ng pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gawing gabay ang tekstong binasa.



Pamprosesong mga Tanong

1. Ano-anong pangyayari ang naging dahilan ng pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
2. Sa mga binanggit na sanhi,ano sa palagay mo ang pinakamabigat na dahilan? Bakit?

GAWAIN 7: Tri- Story!

Dahil alam mo na ang mga dahilan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig,alamin din ang mahahalagang pangyayaring naganap sa digmaang ito. Basahin ang teksto sa ibaba.

Ang Pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Noong tag-araw ng 1939, sinalakay ni Hitler at ng kanyang hukbo ang Austria at Czechoslovakia upang gawing teritoryo ang mga ito.Tinangka rin niyang kunin mula sa Poland ang Baltic Port at angPolish Corridor.Tumanggi ang Poland kayat nagkakrisis.Unang araw ng Setyembre 1939, nang ang puwersa ng Nazismo sa lupa at himpapawid ay sumalakay sa Poland. Ipinaglaban ng magigiting na taga-Poland ang kanilang kalayaan. Nang mabatid ito ng Britain at France, sila ay nagpahayag ng pakikidigma sa Germany. Noong ika-17 ng Setyembre, ang Russia na may lihim na kasunduan kay Hitler ay sumalakay rin sa Poland sa gawing Silangan.

Hindi nagtagal, ang Poland ay nalupig. Ang Poland ay pinaghatian ng Germany at Unyong Sobyet nang walang labanan.



https://www.google.com.ph/search?q=adolf+hitler+quotes&tbm=isch&source=iu&imgil=HGZq9fV9

Ang Digmaan sa Europe

Sa kanlurang Europe, ang mga hukbong Pranses at Ingles ang nag-abang sa likod ng *Maginot Line*. Hindi kaagad sumalakay dito ang mga Aleman pagkatapos nilang masakop ang Poland. Noong Abril 1940, ang *Phony War* ay biglang natapos sapagkat sinimulan ni Hitler ang kanyang *blitzkrieg (biglaang* paglusob na walang babala).

Ang mga taga-Norway ay lumaban subalit madaling natalo samantalang ang mga taga-Denmark ay hindi lumaban. Noong ika-10 ng Mayo 1940, biglang sinalakay ng mga Nazi ang neutral na mga bansa ng Belhika, Holland at Luxembourg. Binomba ng mga eroplanong Aleman ang mga bansang ito na kung tawagin ay *Low Countries* at sinira ang mga paliparan, pahatiran, at tulay.

Umurong sa tabing-dagat ng Dunkirk ang Hikbong Pranses. Sa ganitong gipit na kalagayan, ipinasya ng Punong Ministro ng Inglatera na si Winston Churchill na umurong na ang hukbo. Ang kagitingang ipinamalas ng mga sundalo laban sa mga Aleman ay itinuring na Epiko ng Dunkirk.

Samantala, ang France na umasa sa *Maginot Line* bilang kanilang tanggulan ay nabigla nang dumating na lamang sa pintuan ng Paris ang mga Aleman noong ika-10ng Hunyo, 1940. Bumagsak ang Paris at ang pamahalaan ay inilipat sa Bordeaux.



http://lostimagesofww2.com/images/places/maginot-map2.jpg

Maginot Line
http://ndynes.weebly.com/uploads/8/8/1/1/8811313/3804860_orig.jpeg

Ang United States at ang Digmaan

Ang pagkapanalo ng *Nazi* sa Europe ay nagdulot ng pangamba sa mga Amerikano. Nabahala sila sa kaligtasan ng Inglatera pati na ng layuning demokrasya. Pinagpatibay ng Kongreso ang batas na *Lend Lease* na nagsabing ang United States ay magbibigay ng kagamitang pandigma sa lahat ng lalaban sa mga kasapi ng *Axis Powers.* Naging miyembro ng puwersang Alyado ang United States noong 1941.

Noong Agosto 1941, sa may baybayin ng Newfoundland ay nagpulong sina Pangulong Roosevelt ng America at Winston Churchill, punong ministro ng Inglatera. Doon, isinagawa nila ang isang kasunduan na kilala sa tawag na *Atlantic Charter*. Tinitiyak ng kasunduan na "pagkatapos wasakin ang tiraniya ng Nazi, lahat ng mga bansa ay mababuhay sa kapayapaan, malaya sa takot, at di na muling gagamit ng puwersa."

Ang Digmaan sa Pasipiko

Samantala, habang namiminsala ang Hukbong Nazi sa Europa, ay naghahanda naman ang Hukbong Hapon sa pagsalakay sa Pasipiko. Upang ito ay masugpo, pinatigil ng United States ang pagpapadala ng langis sa Japan mula United States.

http://www.historyinanhour.com/wp-content/uploads/2011/12/Hideki-Tojo.jpg

Ang Punong Ministro ng Japan na si Hideki Tojo ay nagpunta kay Embahador Saburu Kurusu upang tulungan si Admiral Kichisaburu Nomura sa pakikipagtalastasan nang sa gayon ay maiwasan ang krisis ng Amerika at Japan. Habang pinag-uusapan ang kapayapaan, ang mga Japan ay naghahanda sa digmaan.

Ang Germany at Italy ay tumulong sa Japan at nagpahayag rin ng pakikipagdigma laban sa United States noong ika-11 ng Disyembre, 1941. Ilang oras matapos salakayin ang Pearl Harbor, ang mga eroplano ng Japan ay sumalakay din sa Pilipinas at winasak ang hukbong panghimpapawid sa Clark Field, Pampanga. Dumaong ang Japan sa Hilagang Luzon. Sa pamumuno ni Pangulong Manuel L. Quezon ng Pamahalaang Komonwelt at Heneral Douglas MacArthur, magiting na lumaban sa mga Hapon. Tuluyang nasakop ng Japan ang Maynila noong ika-2 ng Enero, 1942. Ang pinakahuling pananggalang ng demokrasya ang Bataan at Corregidor.

Noong ika-7 ng Disyembre 1941, biglang sinalakay ng Japan ang Pearl Harbor, isa sa mga himpilan ng hukbong dagat ng United States sa Hawaii. Ang pataksil na pagsalakay na ito sa Amerika ay tinawag na *"Day of Infamy."*

Nagpahayag ng pakikipagdigma sa Japan ang United States, gayon din ang Britanya. Ang Germany at Italy ay sumugod sa panig ng Japan at nagpahayag din ng pakikipagdigma laban sa United States noong ika-11 ng Disyembre, 1941. Samantala, nakapaghanda ang Austria at nabigo ang Japan na masakop ito.

http://rememberpearlharborday.com/wp-content/uploads/2013/12/pearl-harbor-bombing-history_1386137288.jpg

http://en.wikipedia.org/wiki/File:AftermathJap.jpg

Kasabay ng pananalakay sa Pilipinas ang pagsalakay at pagsakop ng mga Hapones sa Thailand, British Malaya, Hongkong, Guam, at Wake Islands. Narating ng Hapon ang tugatog ng tagumpay sa pananakop sa Pasipiko nong 1942 at nagtatag sila ng Greater *East Asia Co-Prosperity Sphere*.

Unti-unti namang nakabangon ang United States mula sa pagkatalo sa Pearl Harbor at sa Pilipinas. Gumawa agad ang mga Amerikano ng mga kagamitang pandigma bilang kapalit sa mga nawasak ng Hapon. Tinipon nila ang mga puwersang Alyado na pinamumunuan ni Heneral Douglas MacArthur na nakatakas mula sa Corregidor at nangako sa mga Pilipino ng "*I Shall Return*."

Halaw sa: Project EASE module (ph. 31-37)

Matapos mapakinggan ang ulat ng Ikalawang Pangkat, buuin ang kasunod na *graphic organizer*. Isulat sa bilog ang mahahalagang pangyayaring naganap sa mga tinukoy na lugar. Para sa digmaan sa Hilagang Africa, basahin ang susunod na teksto.



Pamprosesong Tanong:

1. Bakit lumaganap sa ibang kontinente ang digmaan?
2. Bakit sumali ang United States sa digmaan?
3. Kung ikaw ang pangulo ng Amerika ng panahog iyon, lulusob ka rin ba sa panganib?

Mahusay ang iyong mga naging sagot sa nakaraang aralin. Ngayon, alamin naman kung paano natapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang mga naging bunga nito.

GAWAIN 8: History Frame

Ngayong alam mo na rin ang wakas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isulat sa *historical frame* ang mahahalagang impormasyon tungkol sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.Mababasa rin ang Kasaysayan ng Daigdig nina Teofista Vivar, et. al. Pakinggan ding mabuti ang ulat ng ikatlong pangkat.

ANG PAGWAWAKAS NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG AT ANG MGA PAGBABAGONG DULOT NITO

Tagumpay ng mga Alyadong Bansa sa Europe at Hilagang Africa

Taong 1943 nang magsimulang magbago ang ihip ng digmaan para sa Alyadong Bansa. Noong ika-6 ng Hunyo 1944, ang mga hukbong Alyado ay lumapag at dumaong sa Normandy samantalang sa Silangang Europe ay nilumpo ng mga Ruso ang mga hukbong *Nazi* at nasakop ang Berlin. Nagsimula sa pagkakapanalo ng *Allied Powers* sa Hilagang Africa noong ika-13 ng Mayo, 1945, na sinundan ng pagkabihag sa Sicily noong ika-11 ng Hunyo, at ang pagsuko ng Italya noong ika-3 ng Setyembre.

Habang nilalabanan ni Heneral Montgomery ang mga *Nazi* sa Egypt, sinalakay naman ng mga puwersang Anglo-Amerikano sa pamumuno ni Heneral Dwight Eisenhower ang Morocco at Algeria. Pagkaraan ng matinding labanan noong ika-13 ng Mayo, ang Hilagang Africa ay napasakamay ng mga Alyadong Bansa. Sa Hilagang Africa at Sicily, ang pagkatalo ng mga hukbong Italyano ay nauwi sa pagbagsak ni Mussolini. Napaalis siya ni Pietro Badoglio. Si Mussolini ay nakatakas mula sa bilangguan at nagtungo sa hilagang Italya. Nagtatag siya ng bagong pamahalaang Fascista, ngunit di ito tinangkilik ng mga tao. Doon siya nahuli at pinatay kasama ng kanyang kinakasamang babae na si Clara Peracci noong ika-2 ng Abril, 1945.

Noong ika-2 ng Mayo, nabihag ng mga Ruso ang Berlin. Noong ika-7 ng Mayo, tinanggap ang walang pasubaling tadhana ng pagsuko ng mga Aleman sa Rheims at nang sumunod na araw sa Berlin, sa wakas ay sumapit din ang tinatawag na V-E Day *(Victory in Europe).*

Ang Pagbagsak ng Germany

Noong ika-6 ng Hunyo, 1944 (D-DAY), lumapag sa Normandy, Pransya ang pwersa ni Heneral Eisenhower. Pagkaraan ng ilang linggong paglalaban, natalo nila ang mga *Nazi*.

Setyembre 1944 nang palayain ng mga Alyado ang Belhika. Nakipagsapalaran si Hitler at sinalakay ang mga alyado na malapit sa Luxembourg noong ika-6 ng Disyembre. Tinawag na *Battle of the Bulge* ang labanang ito kung saan natalo ang mga *Nazi*.

https://www.rutherford.org/files_images/general/OldSpeak_Ike.jpg



http://latesthdwallpaper.com/wp-content/uploads/2013/05/VE-Day-New-HD-Wallpaper.jpg



http://pacificparatrooper.files.wordpress.com/2013/06/a_day_that_changed_america_d-day.jpg

http://www.gvhotels.com.ph/visitphilippines/wp-content/uploads/2011/10/Leyte-Hotels-MacArthur-Shrine.jpg



http://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/5/54/Atomic_bombing_of_Japan.jpg

Sa huling araw ng Abril 1945, bumagsak ang Germany dahil sa pag-atake ng mga Alyado sa kanluran at ng mga Ruso sa Silangan. Napagtanto ni Hitler mula sa pinagtataguan ang kanyang kakampi at noong umaga ng ika-30 ng Abril, hinirang niya si Admiral Karl Doenitz bilang kahalili. Noong hapon ding iyon, siya at ang kanyang kinakasamang babaeng si Eva Brawn, ay nagpakamatay.

Ang Tagumpay sa Pasipiko

Ika-20 ng Oktubre, 1944 nang bumalik sa Leyte si Heneral Douglas MacArthur sa gitna ng pagbubunyi ng mga Pilipino. Pagkatapos ng mahigit sa ilang buwang pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Hapones, idineklara ni Heneral McArthur ang kalayaan ng Pilipinas mula sa mga Hapon. Noong ika-6 ng Agosto, 1945, ang unang bomba atomika ay ibinagsak sa Hiroshima. Sinalakay naman ng Russia ang Manchuria, Korea at Timog Sakhalin. Noong ika-9 ng Agosto, muling nagbagsak ng bomba atomika sa Nagasaki ang mga Amerikano. Nagimbal ang Hapon, kaya tinanggap nito ang ultimatum ng mga Alyado noong ika-15 ng Agosto at pagkatapos ay tuluysn nang sumuko.

Noong huling araw ng Agosto nang lumapag sa bansang Hapon si Heneral MacArthur bilang SCAP o *Supreme Commander of the Allied Powers.* Ika- 2 ng Setyembre, 1945, nilagdaan ng bansang Hapon ang mga tadhana ng pagsuko sa sasakyang *US Missouri* sa Tokyo Bay.

Mga Bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ito ng malaking pagbabago sa kasaysayan ng daigdig.

1. Malaking ang bilang ng mga namatay at nasirang ari-arian. Tinatayang halos 60 bansa ang naapektuhan ng digmaan at higit na mas marami ang namatay kaysa Unang Digmaang Pandaigdig.

2. Natigil ang pagsulong ng ekonomiyang pandaigdig dahil sa pagkawasak ng agrikultura, industriya, transportasyon at pananalapi ng maraming bansa.

3. Bumagsak ang pamahalaang totalitaryang *Nazi* ni Hitler, Fascismo ni Mussolini, at Imperyong Hapon ni Hirohito.

4. Napagtibay ang simulaing *command responsibility* para sa pagkakasalang nagawa ng mga opisyal ng bayan at mga pinunong militar.

5. Naging daan ito ng pagsilang ng malalayang bansa – ang Silangan Germany, Kanlurang Germany, Nasyonalistang Tsina, Pulahang Tsina, Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Ceylon, India, Pakistan, Israel, Iran, Iraq at iba pa.

Matapos basahin ang teksto at pakinggan ang ulat ng ikaapat na pangkat, punan ng mahahalagang impormasyon ang hustong frame na nasa susunod na pahina.



Pamprosesong Tanong:

1. Anong pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang tumatak sa iyong isipan?
2. Para sa iyo, Ano ang pangkabuuang aral ng naganap na Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
3. Paano nakaapekto ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa larangan ng kabuhayan, politika at kultura ng mga bansang nasangkot o kabilang sa digmaan?

GAWAIN 9: Semantic Web

Upang hindi na masundan pa ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, humanap ng paraan ang mga bansa upang tuluyan nang makamit ang kapayapaan. Isa sa mga hakbang na ginawa nla ay ang pagtatatag ng *United Nations*. Basahin mo ngayon ang teksto sa ibaba tungkol dito.

Ang Mga Bansang Nagkakaisa *(United Nations)*

Hindi pa natatapos na Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naisip ni Pangulong Roosevelt ng United States na muling magtatag ng isang samahang pandaigdig na papalit sa Liga ng mga Bansa.

Apat na buwan bago sumalakay ang mga Hapones sa Pearl Harbor, sina Pangulong Roosevelt at Punong Ministro Winston Churchill ng Inglatera ay bumalangkas nang deklarasyon, ang *Atlantic Charter,* na siyang saligan ng 26 na bansa sa nilagdaang Deklarasyon ng Mga Bansang Nagkakaisa *(United Nations)*. Sa isang kumperensiya sa Moscow noong Oktubre 1943, ang United States, Great Britain at Soviet Union ay nagkasundo na pairalin at panatilihin ang kapayapaan sa sandaling matalo ang *Axis*. Sinundan ito ng Deklarasyon ng Apat na Bansa, kasama ang Tsina, para maitatag ang isang pangkalahatang samahang pandaigdig upang mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan sa mundo. Limampung bansa ang nagpulong sa California, United States, upang balangkasin ang Karta ng mga Bansang Nagkakaisa. Noong ika-24 ng Oktubre, 1945 ay itinatag ang Mga Bansang Nagkakaisa o United Nations (UN). Muling nagpulong ang mga kinatawan ng mga bansa sa London noong 1946 at nahalal na unang Sekretaryo-Heneral, si Trygve Lie ng Sweden.

United Nations

UN Headquarters

http://www.un.org/cyberschoolbus/untour/imgunh.jpg

http://www.worldpeace.org/images/UN/UN-Sticker.jpg



http://www.unesco.org/new/typo3temp/pics/3e65368aa2.jpg

Ang Mga Bansang Nagkakaisa ay may anim na pangunahing sangay. Ang Pangkalahatang Asemblea *(General Assembly)* ang sangay na tagapagbatas ng samahan. Binubuo ito ng mga kinatawan ng lahat ng mga kasaping bansa, at dito isinasagawa ang mga pangkalahatang pagpupulong.

Ang Sangguniang Pangkatiwasayan *(Security Council)* ang sangay tagapagpaganap. Binubuo ito ng 11 kagawad na ang lima ay permanenteng miyembro, samantalang ang anim ay inihalal sa taning na panunungkulan na dalawang taon.

Ang Kalihim *(Secretariat)* ay ang pangkat ng mga tauhang pampangasiwaan ng U. N. na nagpapatupad sa mga gawaing pang-araw-araw.

Ang Pandaigdig na Hukuman ng Katarungan *(International Court of Justice)* ang siyang sangay na nagpapasya sa mga kasong may kinalaman sa alitan ng mga bansa.

Ang Sangguniang Pangkabuhayan at Panlipunan (ECOSOC) ay binubuo ng 54 na kasaping bansa. Ito ang sangay na namamahala sa aspeto ng pangkabuhayan, panlipunan, pang-edukasyon, siyentipiko at pangkalusugan ng daigdig.

Halaw sa: Project EASE module (ph. 45-47)

Matapos basahin ang teksto, bumuo ka ng *semantic web* tungkol sa *United Nations*. Isulat sa mga kahon na nasa paligid ang layunin ng *United Nations,* gayundin ang mabubuting naidulot ng organisasyon.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang layunin ng *United Nations?* Nakatulong ba ito upang mawakasan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
2. Sa kasalukuyan ano ang ginagawang mga hakbang nito upang maisulong ang kapayapaan sa daigdig?
3. Paano pinanatili ng *United Nations* ang pagsusulong ng kapayapaan at pagkakaisa sa daigdig?

GAWAIN 10: *I-R-F Chart*

Muli mong balikan ang ***I-R-F Chart***. Isulat sa bahaging REVISED ang mga bagong kaalaman na natutuhan mo sa paksa. Inaasahan ding mas malinaw mo nang masasagot ang katanungang “Sa kabila ng pagsisikap ng mga bansa na wakasan ang Unang DIgmaang Pandaigdig at magkaroon ng kapayapaan, bakit nagkaroon pa rin ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?”

I R F Chart

I – nitial answer	
R- evised answer	
F- inal answer	

PAGNILAYAN/UNAWIN:

Sa bahaging ito, pagtitibayin mo ang iyongkaalaman tungkol sa paksa. Inaasahan ding kritikal mong masusuri ang mga konseptong napag-aralan tungkol sa mahahalagang pangyayari, at mga epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

GAWAIN 11: *Reflection Journal*

Nasa ibaba ang larawan ng nagpapakita ng epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isipin mong nanirahan ka sa mga lugar na ito. Ano ang mararamdaman mo? Gumawa ng *reflection journal* at isulat doon ang iyong damdamin.

http://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/a/a0/The_Sandman_a_B-24_Liberator,_piloted_by_Robert_Sternfels.jpg

http://withfriendship.com/images/i/40744/Effects-of-World-War-II-image.jpg

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ipinakikita sa larawan?
2. Paano ka makatutulong upang maiwasan ang ganitong pangyayari?

REFLECTIVE JOURNAL:

_____

_____

_____

_____

_____.

GAWAIN 12: *I-R-F Chart*

Balikan ang ***I-R-F Chart***. Sa pagkakataong ito, isusulat mo na ang iyong pinal na sagot batay sa iyong pag-unawa sa paksang tinalakay. Inaasahan ding mahusay mo nang masasagot ang katanungang "Sa kabila ng pagsisikap ng mga bansa na wakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig at magkaroon ng kapayapaan, bakit naganap pa rin ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?" Isulat mo ang iyong pinal na sagot sa kahon na katapat ng ***"Final Answer".***

I R F Chart

I – nitial answer	
R- evised answer	
F- inal answer	

GAWAIN 13: Kapayapaan, Palalaganapin Natin Ito!

Bukod sa kapayapaang pandaigdig, nais din ng lahat ng bansa na magkaroon ng panloob na kapayapaan sa kanilang bansa. Sa Pilipinas, may proklamasyong inilabas si dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na naglalayong palaganapin ang kapayapaan sa Pilipinas. Basahin ang *Proclamation 675* ni noong 2004. Matapos basahin ito, humanda upang sagutin ang mga tanong sa kasunod na *graphic organizer*.

Proclamation No. 675, s. 2004

Published: July 20, 2004.

MALACAÑAN PALACE

MANILA

BY THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES

PROCLAMATION NO. 675

DECLARING THE MONTH OF SEPTEMBER 2004 AND EVERY YEAR THEREAFTER AS "NATIONAL PEACE CONSCIOUSNESS MONTH"

WHEREAS, Executive Order No. 3, s. 2001, mandates the continuing pursuit of a comprehensive peace process along six major peace-making and peace-building components, otherwise known as the Six Paths to Peace, to wit:

- Pursuit of social, economic and political reforms to address the root causes of armed conflicts and social unrest;

- Consensus-building and empowerment for peace through consultations and people participation;

- Peaceful, negotiated settlement with different rebel groups and the effective implementation of peace agreements;

- Programs for reconciliation, reintegration into mainstream society and rehabilitation of former rebels and their communities;

- Addressing concerns arising from continuing armed conflicts, such as the protection of non-combatants and the reduction of the impact of armed conflicts on communities; and

- Building and nurturing a climate conducive to peace through peace education and advocacy programs and confidence-building measures.

WHEREAS, there is a need to instill greater consciousness and understanding among the Filipino people on the comprehensive peace process to strengthen and sustain institutional and popular support for and participation in this effort, as well as in the global movement spearheaded by the United Nations to promote a Culture of Peace based on nonviolence, respect for fundamental rights and freedoms, tolerance, understanding and solidarity;

WHEREAS, Proclamation No. 161 dated February 28, 2002 specifically addresses the above concern by way of an annual observance of a National Peace Consciousness Week from February 28 to March 6;

WHEREAS, there is a need to reset the period of observance of the National Peace Consciousness Week to September of every year to allow more active participation from the citizenry and institutions, including educational institutions, as well as to expand the week-long celebration to a period of one month;

WHEREAS, the month of September holds several significant milestones in the history of pursuing the peace process in the country, some of which are as follows:

- Creation of the National Unification Commission, through Executive Order No. 19 issued on September 1, 1992, which undertook nationwide consultations in 1992–1993 to lay the foundations of the Philippine Government's agenda for a just, comprehensive and lasting peace;

- Issuance of Executive Order No. 125 in September 15, 1993 by then Pres. Fidel V. Ramos which provided for the administrative and policy structure to pursue the NUC-proposed comprehensive peace process agenda, including the creation of the Office of the Presidential Adviser on the Peace Process;

- Signing of a Final Peace Agreement by the Philippine Government and the Moro National Liberation Front on September 2, 1996; and

- Signing of a Peace Pact, or "Sipat" by the Philippine Government and the Cordillera People's Liberation Army on September 13, 1986.

WHEREAS, the month of September has international significance relative to the global advocacy for peace because of activities such as:

- Annual observance of the United Nations' International Day of Peace on September 21;

- Launching of the 2001–2010 International Decade for a Culture of Peace and Non-Violence for the Children of the World on September 19, 2000; and

- Commemoration of the September 11, 2001 terrorist bombings in the United States of America which roused not only the world, but the Philippines as well, to take firm action against the horrors of international and domestic terrorism.

NOW, THEREFORE, I, GLORIA MACAPAGAL-ARROYO, President of the Republic of the Philippines, by virtue of the powers vested in me by law, do hereby declare the month of September 2004 and every year thereafter as "National Peace Consciousness Month."

All concerned Government agencies and instrumentalities, including local government units, government-owned and controlled corporations, as well as members of the private sector and civil society groups, are hereby enjoined and encouraged to initiate and participate in relevant and meaningful activities in celebration of the National Peace Consciousness Month to instill greater consciousness and understanding among the Filipino people of the comprehensive peace process and the Culture of Peace agenda.

The Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) shall be the lead Government agency to coordinate and monitor the observance of the National Peace Consciousness Month.

This Proclamation supersedes Proclamation No. 161, series of 2002. All other executive issuances, orders, rules and regulations or parts thereof inconsistent with this Proclamation are hereby repealed or modified accordingly.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and caused the seal of the Republic of the Philippines to be affixed.

DONE in the City of Manila, this 20th day of July, in the year of Our Lord, Two Thousand and Four.

(Sgd.) **GLORIA MACAPAGAL ARROYO**

Sanggunian: *http://www.gov.ph/2004/07/20/proclamation-no-675-s-2004/*

Sagutin ang mga tanong sa ibaba.



Pamprosesong Tanong:

1. Tungkol saan ang Proklamasyon ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo?
2. Sa iyong palagay, bakit mahalagang magkaroon ng *"National Peace Consciousness Month"* ang isang bansa? Ipaliwanag.
3. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapalaganap ng kapayapaan sa iyong komunidad?

Binabati kita sa iyong matagumpay na pagsagot sa araling ito!

ARALIN 3 : MGA IDEOLOHIYA, COLD WAR AT NEOKOLONYALISMO

Alamin

Pag-aralan mo sa araling ito ang iba't ibang ideolohiyang umiral sa daigdig. Bibigyang-pansin din ang mga dahilan ng pagkakaroon ng Cold War at Neokolonyalismo, ang impluwensiya nito sa mga bansang hindi pa maunlad at papaunlad pa lamang. Inaasahang magbibigay ka ng iyong sariling pananaw tungkol sa mga isyung ito. Inaasahan ding ang aral na mapupulot mo rito ay magiging gabay mo upang masagot ang katanungang **paano nakaapekto ang iba't ibang ideolohiya, ang cold war at neokolonyalismo sa kaunlaran ng mga bansang papaunlad pa lamang?** Halika at simulang basahin ang aralin.

Handa ka na ba? Subuking sagutin ang kasunod na mga gawain.

GAWAIN 1- MGA LETRANG ITO: AYUSIN MO!

Panuto: Bumuo ng salita batay sa ginulong mga letra.

1. R D A W O C L
2. A Y I H O L I D E O
3. O L W R D N A B K
4. S O N M U O M K I
5. R I M E A A C
6. S S I U R A
7. R O N I T A I N C R U
8. N O M I E K O K O
9. F N G E I O R A I D
10. L O N M O N E O L I S K O Y A

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6._____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Pamprosesong Tanong

Pagkatapos mabuo ang mga salita, subuking sagutin ang kasunod na mga tanong.

1. Anong ideya ang mabubuo mo tungkol sa mga salitang iyong nabuo?
2. May ugnayan kaya ang bawat salita?
3. Paano mo maiuugnay ang mga salitan ito sa mga kasalukuyang isyu sa bansa? Ipaliwanag.

GAWAIN 2- DONUTS GAME



Bumuo ng dalawang bilog sa anyong *donut* gaya ng nakalawaran. Tiyaking may katapat ka sa bilog.Gabay ang kasunod na mga tanong. Ibahagi ng bawat isa ang sariling ideya sa pamamagitan ng pag-ikot upang makapareha/ makausap ang lahat na kasapi ng pangkat.

Pamprosesong Tanong

1. Sa mga salitang nabuo sa unang gawain, alin sa palagay mo ang magkakaugnay?
2. Bakit naging magkaugnay ang salitang iyong napili?

Pakinggan ang anim na kaklase na nasa loob ng bilog sa kanilang pag-uulat ng mga ideyang kanilang nabuo.

GAWAIN 3 : Mga Larawang Ito Surrin Mo

Pag aralang mabuti ang kasunod na mga larawan at subuking sagutin ang katanungan loob ng talahanayan.

http://www.tldm.org/News10/Hammer3.png

http://image.shutterstock.com/display_pic_with_logo/1024975/110632307/stock-photo-american-symbol-statue-of-liberty-110632307.jpg-

https://encrypted-tbn1.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQvOOjDjqEMr0x3_V5hANSi9kV7LkZJ1kS

Mga Tanong	Sagot
1. Anong mga imahe ang kapansin-pansin sa unang larawan?	
2. Ano ang kahulugan ng unang larawan?	.
3. Anong bansa sa iyong palagay ang gumamit ng ganitong simbolismo bilang representasyon ng kanilang paniniwala?	
4. Anong sikat na estatwa ang ipinakikita sa pangalawang larawan? Anong mga detalye ng estatwa ang ipinakikita rito?	
5. Ano sa iyong palagay ang kahulugan ng mga detalye ng estatwang ito? Saang bansa ito matatagpuan?	
6. Anong aksiyon ang ginagawa ng mga imahe sa ikatlong larawan?	
7. Sa iyong palagay anong mga bansa ang sinisimbulo ng nagtutunggaling imahe?	
8. Ano ang kahulugan ng pagtutunggaling ito ng mga bansa?	

GAWAIN 4: ABC BRAINSTORM STRATEGY

Kaya mo pa ba? Sa pagkakataong ito, isulat sa kahon ang salitang may kaugnayan sa paksang tatalakayin.Tandaang ang mga salitang isususlat ay kailangang nagsisimula sa letrang napili. Gayundin, hindi kailangang mapuno ang kahon. Ang mahalaga'y naisulat mo ang iyong mga ideya.

A	**G**	**M**	**S**
B	**H**	**N**	**T**
C	**I**	**O**	**U**
D	**J**	**P**	**V**
E	**K**	**Q**	**W**
F	**L**	**R**	**XYZ**

Pamprosesong Tanong

1. Ilang salita ang naisulat mo?
2. Ano ang ginawa mong batayan sa pagsagot?
3. Naging madali ba sa iyo ang pagsagot sa mga gawain? Bakit?
4. Paano kaya maiuugnay ang mga salitang napili mo sa paksang aralin tungkol sa ideolohiya?

PAUNLARIN

Marahil ay may mga tanong na naglalaro sa inyong isipan tungkol sa iba't ibang paniniwala o prinsipyo ng mga bansa. Halina't basahin ang teksto tungkol sa iba't ibang ideolohiya at humanda sa mga pangkatang gawain.

Ang Kahulugan ng Ideolohiya

Ang ideolohiya ay isang sistema o kalipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at sa mga pagbabago nito. Galing ito sa salitang ideya o kaisipan na tuwirang sinusunod ng mga tao.

Si **Desttutt de Tracy** ang nagpakilala ng salitang ideolohiya bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya. May iba't ibang kategorya ang Ideolohiya. Ito ay ang sumusunod:

1. Ideolohiyang Pangkabuhayan. - Nakasentro ito sa mga patakarang pang- ekonomiya ng bansa at paraan ng paghahati ng mga kayamanan para sa mga mamamayan. Nakapaloob dito ang ang mga karapatang makapagnegosyo, mamasukan, makapagtayo ng unyon, at magwelga kung hindi magkasundo ang kapitalista at mga manggagawa.

2. Ideolohiyang Pampolitika. - Nakasentro naman ito sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa pamamahala. Ito ay mga pangunahing prinsipyong politikal at batayan ng kapangyarihang politikal. Karapatan ng bawat mamamayan na bumuo at magpahayag ng opinyon at saloobin.

Desttutt de Tracy

http://img829.imageshack.us/img829/332/destuttdetracy3.jpg

3. Ideolohiyang Panlipunan. - Tumutukoy ito sa pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.

Halaw sa PROJECT EASE Module 18 ph. 8-9 Maaaring basahin ang teksto na Kasaysayan ng Daigdig, Teofista L. Vivar et al, 263-271 at Kasaysayan ng Daigdig, Grace Estela C. Mateo Ph.D et al, 337

Ang Iba't Ibang Ideolohiya

1. **Kapitalismo.** – Tumutukoy ito sa isang sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksiyon, distribusyon, at kalakalan ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal hanggang sa maging maliit na lamang ang papel ng pamahalaan sa mga patakarang pangkabuhayan.
2. **Demokrasya.** – Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao. Sa demokrasya, maaaring makilahok ang mga mamamayan nang tuwiran o di-tuwiran. Ito ay tinatawag na direct o tuwirang demokrasya kung ibinoboto ng mamamayan ang gusto nilang mamuno sa pamahalaan. Karaniwang pumipili ang mga tao, sa pamamagitan ng halalan, ng mga kinatawan na siyang hahawak sa kapangyarihan o pamahalaan sa ngalan nila. Tinatawag ang pamamaraang ito na representative o kinatawang demokrasya. Maaari rin namang di-tuwiran ang demokrasya kung ang ibinoboto ng mamamayan ay mga kinatawan nila sa pamahalaan na siya namang pipili ng mga pinuno sa pamahalaan. Mayroon ding uri ng demokrasya na nagiging diktadura. Ito ay nagaganap kapag ang inatasan ng mga tao upang mamuno ay magsimulang mangamkam ng kapangyarihan at isawalang-bahala ang kagustuhan ng mga tao. Ang diktador ay namumuno batay sa kaniyang sariling kagustuhan at hindi sa kagustuhan ng mga tao.

Anu-anong impormasyon ang mahihinuha mo mula sa teksto?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Awtoritaryanismo. - Isang uri ito ng pamahalaan na kung saan ang namumuno ay may lubos na kapangyarihan. Makikita ito sa pamahalaan ng Iran, kung saan ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado, ang Islam. May napakalawak na kapangyarihan na sinusunod ng mga mamamayan ang namumuno. Mayroon ding tinatawag na konstitusyonal na awtoritaryanismo kung saan ang kapangyarihan ng namumuno ay itinakda ng Saligang-Batas. Ito ang tawag ng dating Pangulong Marcos sa kaniyang pamamahala sa ilalim ng Batas Militar noong 1972 hanggang sa mapatalsik siya noong Pebrero 1986.

4. Totalitaryanismo. - Ang pamahalaang totalitaryan ay karaniwang pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan. Sa ilalim ng ganitong pamahalaan, may ideolohiyang pinaniniwalaan at may partidong nagpapatupad nito. Limitado ang karapatan ng mga mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan. Pati ang pagpapahayag ng relihiyon ay hindi lubusang sinasang-ayunan, ngunit hindi rin naman tahasang ipinagbabawal. Lahat ng desisyon tungkol sa pamamahala at kabuhayan ay nasa kamay din ng isang grupo o ng diktador. Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga industriya. Halimbawa nito ang pamahalaan ni Hitler sa Germany at ni Mussolini sa Italy bago at habang nagaganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isang uri ng pamahalaang totalitaryan ang sistemang diktatoryal. Unang ginamit ang sistemang ito noong sinaunang panahon tuwing may mga kagipitan o labanan at may pangangailangang magtakda ng isang punong militar na may kapangyarihang diktatoryal.

http://contents.pep.ph/images2/news/d4d9aac74.jpg

http://malacanang.gov.ph/wp-content/uploads/Marcos-

Paano nagkaiba ang paraan ng pamumuno nina Corazon Aquino at Ferdinand Marcos?

. Subalit, matapos ang kagipitan, ay umalis ang ganitong katungkulan. Sa sinaunang panahon, maraming bansa ang yumakap sa sistemang ito, na ang pinuno ay isang diktador. Naging palasak ito sa mga bansa sa Timog Amerika at iba pang lugar sa Asya at Africa ngunit higit na makapangyarihan kaysa sinaunang mga diktador ang makabagong diktadurya. Napananatili ang kapangyarihan sa diktador sa pamamagitan ng pagkontrol sa pamahalaan, ekonomiya, mass media o mga uri ng pamamahayag, simbahan, at pati kaisipan ng mga mamamayan.

5. Sosyalismo. - Isang doktrina ito na nakabatay sa patakarang pang-ekonomiya na kung saan ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang grupo ng tao. Ang grupong ito ang nagtatakda sa pagmamay-ari at sa pangangasiwa ng lupa, kapital, at mekanismo ng produksyon. Ang mga industriya at lahat ng mga kailangan sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan ay nasa kamay rin ng pamahalaan. Hangad ng sosyalismo ang pagkakamit ng perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa. Binibigyang-diin nito ang pagtutulungan habang ang mahahalagang industriya ay pag-aari ng pamahalaan. Halimbawa ng ganitong pamahalaan ang namayani sa Tsina at ang dating Unyong Sobyet, kung saan ang teorya ni Karl Marx ay sinubukang bigyang katuparan**.**

Halaw sa PROJECT EASE MODULE 18- pg. 13 .
Basahin din ang Kasaysayan ng Daigdig, Grace Estela C. Mateo PhD. et. al, 338-343

Sa iyong palagay, paano nakaapekto ang ideolohiya sa pag-unlald ng ekonomiya ng isang bansa?

GAWAIN 5: TALAHANAYAN, PUNAN MO!

Subukan natin ngayon ang iyong kaalaman sa paksang binasa. Punan ng impormasyon ang kasunod na *data retrieval chart*.

Mga Ideolohiya	Katangian	Bansang Nagtaguyod

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang iba't ibang uri ng ideolohiya sa daigdig?
2. Anong mga bansa ang nagtaguyod ng mga ideolohiyang ito?
3. Paano nagkakaiba ang kanilang patakaran at katangian?
4. Paano nakaapekto ang ideolohiya ng bansa sa pag-unlad ng kabuhayan nito?
5. Sa mga ideolohiyang iyong nabasa, alin ang higit mong pinaniniwalaan? Bakit?

GAWAIN 6: HAGDAN NG MGA IDEYA

Gamit ang kasunod na ladder web , isulat ang kahalagahang ginagampanan ng ideolohiya sa isang bansa.



Iba’t ibang ideolohiya ang sinusunod ng mga bansa sa daigdig. Ayon ito sa kanilang kasaysayan, paniniwala at kultura. Anuman ang ideolohiya ng bawat isa, nararapat na ito ay makatugon sa pangangailangan ng mga mamamayan at maging daan sa pag-unlad ng bansa.

Ngayon, suriin natin kung paano lumaganap ang komunismo sa Russia, Fascismo sa Italy, at Nazismo sa Germany. Basahin ang teksto sa ibaba.

MGA PUWERSANG PANGKABUHAYAN SA POLITIKA NG BANSA

Ang Pagsilang ng Komunismo sa Rusya

Nag-ugat ang ideolohiyang komunismo sa Rusya noong panahon ng mga Tsar. Ayon sa nasusulat sa kasaysayan, ang Rusya sa ilalim ng Tsar, ay naging makapangyarihan subalit ang mga namumuno ay naging *despotic*. Noong Marso 1917, ang Dinastiyang Romanov ay bumagsak bunga ng hindi maiwasang himagsikan. ILan sa mga dahilan ng kaguluhang ito ay ang sumusunod:

1. Pulitikal - Ang pamahalaan ay awtokratiko, bulagsak at mahina. Hindi sila nagbigay ng pantay-pantay na karapatan sa mga tao.

2. Pangkabuhayan - Mahirap at makaluma ang kalagayan at pamamaraan ng pagsasaka. Walang kalayaan at maliliit ang sahod ng mga manggagawa.

3. Sosyal - Kakaunti lamang ang mga kalayaang sosyal. Lahat ay pinilit na sumunod sa pananampalatayang Orthodox. Sapilitang pinalaganap ang wikang Ruso sa mga minoryang kultural tulad ng mga Poles, Hudeo, taga-Finland at mga taga-Baltic. Dumating sa Petrograd ang ilan sa mga lider na Bolshevik, kabilang sina Vladimir Lenin, Leon Trotsky at Joseph Stalin. Nakuha ni Lenin ang pagtitiwala ng mga tao dahil sa programang pag-aangkin ng pamahalaan sa lahat ng mga pagawaan. Ang kaniyang panawagan, "Kapayapaan, lupain, at tinapay". Sa tulong nina Trotsky at Stalin, binalak ni Lenin na magkaroon ng Pamahalaang Komunismo base sa mga prinsipyo ni Karl Marx. Noong Nobyembre 1917, naghimagsik ang mga Bolshevik sa Petrograd at bumagsak ang pansamantalang pamahalaan ni Kerensky. Tumakas itong huli at pagkatapos ay itinatag na ni Lenin ang pamahalaang Komunismo na una niyang pinamunuan.



http://rememberingletters.files.wordpress.com/2012/03/russia-map-of-russian-federation.jpg

Ang Paglaganap ng Komunismo

Mula 1917 hanggang 1920, nagkaroon ng mga labanan sa pagitan ng mga Red Army ng mga Bolshevik at ng mga White Army ng mga konserbatibo na dating tagasunod ng Tsar. Dala ng galit sa dating pamahalaan, nasupil ng mga Red Army ang mga White Army. Noong 1920, napasailalim ng Komunista ang buong Rusya. Ipinalalagay ni Lenin na kailangan ang dahas at pananakop para maitatag ang "Diktadurya ng mga Manggagawa." Ang estadong naitatag nila ay tinawag na Union Soviet Socialist Republic o USSR. Mga prinsipyong pinaniniwalaan ng Komunismo ang mga sumusunod:

1. Pagtatatag ng diktadurya ng mga manggagawa: Ang manggagawa ang supremo ng pamahalaan.
2. Pangangasiwa ng pamahalaan sa sistema ng produksiyon at distribusyon ng pag-aari
3. Pagwawaksi sa kapitalismo.
4. Pagtatwa sa kapangyarihan ng Diyos at lubos na paghihiwalay ng estado at ng simbahan.
5. Pagsuporta, paghikayat at pagpapalaganap ng Kilusang Komunismo sa buong daigdig.

Halaw sa PROJECT EASE MODULE 19- pg. 17

Vladimir Lenin

http://www.biography.com/imported/images/Biography/Images/Profiles/L/Vladimir-Lenin-9379007-1-402.jpg

Joseph Stalin

http://www-tc.pbs.org/behindcloseddoors/tmp_assets/stalin-bio.jpg

Le Trosky

http://upload.wikimedia.org/wikipedia/en/2/2a/LeTrotskyDB.jpg

Pagsilang ng Fascismo sa Italy

Sa Italy, ibang ideolohiya naman ang namayani. Tinawag itong fascismo. Mga kondisyong nagbibigay-daan sa fascismo sa Italy ang sumusunod:

1. Nasyonalismo - Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig gayong nabigyan naman ito ng bahagi sa mga pabuya ng digmaan.

2. Paghihirap sa Kabuhayan - Dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig, nagkulangsa pagkain at maraming pangangailangan sa Italy. Tumaas ang halaga ng mga bilihin. Iginawad ng pamahalaan ang mataas na buwis upang mabayaran ang malaking pagkakautang ng bansa bunga ng digmaan. Marami ang nawalan ng trabaho sapagkat nasira ng digmaan ang mga sakahan at pagawaan.

3. Kahinaan ng Pamahalaan - Hindi nakayanan ng pamahalaang lutasin ang mga suliranin ng bansa. Pinalala pa ng pagkakaroon ng mahinang opisyal sa pamahalaan. Bunga nito, nawalan ng saysay ang mga tradisyong demokratiko pati na ang mga tao sa kanilang demokratikong institusyon. Noong 1920, inagaw ng mga manggagawa ang tradisyong demokratiko. Nawala rin ang tiwala ng mga magsasaka sa mga may-ari ng lupa kaya't inagaw nila ang mga lupain. Ang kapayapaan ay naibalik ng mga Fascista, isang samahang itinatag ni Benito Mussolin na dating sosyalista at editor ng pahayagan.

Mapa ng Italy

http://0.tqn.com/d/goeurope/1/0/O/t/1/italy-cities-map.png

Paano lumaganap ang Fascismo sa Italy?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Benito Mussolini

Ang mga tagasunod ni Mussolini ay bumuo ng mga pangkat militar na tinawag na *Black Shirts* na nagsagawa ng mga pagpupulong ng mga grupong sosyalista at komunista. Ipinangangako nilang pangalagaan ang mga pribadong ari- arian. Noong Oktubre, 1922, naganap ang dakilang Pagmamartsa sa Roma. Pinilit ni Mussolini at ng mga Black Shirts na buwagin ang kabinete. Si Haring Victor Emmanuel ay napilitang magtatag ng bagong kabinete na si Mussolini ang Punong Ministro. Ang Parliyamento ay napilitang maggawad ng mga kapangyarihang diktatoryal kay Mussolini. Ayon sa paniniwala ni Mussolini, Bigo ang demokrasya, kapitalismo at sosyalismo. Sa halip, itinatag niya ang isang diktaduryang totalitarian.Corporate State. Pinagsama-sama niya ang kapitalismo, sosyalismo at ang sistemang guild ng Panahong Midyebal. Mga prinsipyong sinunod ng Fascismo ay ang mga sumusunod:

1. Gumagawa lamang ang tao sa kapakanan ng estado.
2. Ang demokrasya ay mahina at walang saysay at lakas ang kinakailangang pangibabawin.
3. Lahat ng bibitiwang opinyon, pasalita man o pasulat, ay kailangang naaayon sa pamahalaan.
4. Kinukontrol ang buong sistema ng edukasyon upang ang mamamayan ay makapagsilbi sa estado at makatulong sa paghahanda sa digmaan. Dinodominahan ng fascistang propaganda ang mga paaralan.
5. Maingat na sinesensor ang lahat ng mga pahayagan at publikasyon.
6. Lahat ng uri ng libangan ay sinusuri ng pamahalaan.

6. Hindi kinikilala ang kalayaang sibil.
7. Binibigyan ng bonus ang malalaking pamilya.
8. Hindi binibigyan ng karapatang sosyal, politikal at pangkabuhayan ang mga babae.

Benito Mussolini

Anu-ano ang mga katangian ni Benito Mussolini bilang isang pinuno?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Ang Nazing Germany

Bilang isang ideolohiya, ang Nazismo ay nangyari sa Germany simula noong 1930. Isa sa pinakamalupit na diktaduryang totalitaryan sa makabagong panahon. Nakakahawig ito ng fascismo sa Italy at ng komunismo sa Russia.

Adolf Hitler

Ang pagnanais na makabawi sa kahihiyan ng pagkatalo sa World War I at ang paniniwala na ang Aleman ang dapat mamuno sa daigdig ay ilan lamang sa pangunahing layunin ng diktaturyang Nazismo. Basahin ang sumusunod na pangyayaring kaugnay nito:

1. Ang kahinaan ng Weimar Republic - Ang Republikang itinatag sa Germany pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay isa sa mga pinakademokratikong pamahalaan sa buong mundo. Ngunit hindi ito pinatiwalaan ng mga tao.

2. Kasunduan ng Versailles - Nasaktan ang makanasyonalismong damdamin ng mga Aleman dahil sa mapagpahirap na mga probisyon ng Kasunduang Versailles. Ang mga masugid na makabayan ay nakahandang tumulong sa pamahalaan upang maiwasto ang sa palagay nila ay mga pagkakamali upang mabawi ang pagkapahiya ng Germany.

3. Ang paghihirap sa kabuhayan - Pagkatapos ng digmaan, ito ang talagang nagbigay-daan sa pagbagsak ng Republikang Weimar. Dahil sa mga pinsalang dulot ng digmaan at sa malaking pagkakautang, at mga reparasyong pagbabayaran ng Germany nagkaroon ng inflation.

http://www.counter-currents.com/wp-content/uploads/2011/04/09hitler.jpg

http://www.galacticwind.com/Assets/versaiiles.jpg

Si Adolf Hitler ang pinakamakapangyarihang pinunong Nazi. Isinilang siya sa Austria at maituturing na isang panatikong nasyonalista. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, binuo niya ang National Socialist Party na tinawag na Nazi. Ang mga prinsipyo ng Nazismo na napapaloob sa akdang "Mein Kampf, Ang Aking Labanan", ni Adolf Hitler ay ang sumusunod:

1. **Ang kapangyarihang racial** – Pinaniniwalaan ng mga Aleman na sila ang nangungunang lahi sa daigdig. Nanggaling sila sa mga makalumang tribung Germanic na tinatawag ding Nordic o Aryano.
2. **Anti-Semitism** - Naniniwala ang mga Nazista na ang mga Hudyo na nanirahan sa Germany ay hindi mga Aleman at ang mga ito ang sanhi ng maraming suliranin at kabiguan ng kanilang bansa kayat kinakailangang mawala sa daigdig. Ito ang naging dahilan ng *holocaust* o pagpatay sa mga Hudyo.
3. **Ang pagbuwag sa Treaty of Versailles** – Sinisi ng mga Nazista ang Kasunduan sa Versailles na sanhi ng mga suliranin ng Germany..
4. **Pan-Germanism -** Ayon kay Hitler, ang isang pinalawak ng Germany ay kailangang maitatag, kasama na ang mga teritoryong nawala sa kanila noong Unang Digmaang Pandaigdig.
5. **Ang pagwasak sa Demokrasya** - Laban ang Nazismo sa demokrasya at pamahalaang Parlyamentaryo. Nanawagan silang wasakin ang Republika at itatag ang Third Reich na siyang estadong totalitaryan ng Nazismo.

Ayon sa teksto, anu- ano ang mga katangian ni Adolf Hitler?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 7: PANINIWALA KO GETS MO

Pangkatin ang klase sa tatlo. Bawat pangkat ay magpapakita ng isang maikling presentasyon tungkol sa mga prinsipyo, paniniwala, at mga patakarang ipinatupad ng Russia, Italy at Germany sa mga bansang pumanig sa kanilang ideolohiya.

- Unang Pangkat- Ang Pagsilang ng Komunismo sa Russia
- Ikalawang Pangkat- Ang Pagsilang ng Fascismo sa Italy
- Ikatlong Pangkat- Ang Nazismo sa Germany

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang mga dahilan ng kaguluhan sa Russia?
2. Paano nakuha ni Lenin ang pagtitiwala ng mga tao sa Russia?
3. Paano naging ganap na komunista ang Russia?
4. Anu- ano ang mga salik na nagbigay-daan sa Fascismo sa Italy?
5. Naniniwala ka ba sa prinsipyong sinusunod ng Fascismo? Ipaliwanag
6. Bakit itinuturing na pinakamalupit na diktaduryang totalitaryan ang Nazismo sa makabagong panahon?
7. Paano pinamahalaan ni Hitler ang Germany sa ilalim ng ideolohiyang Nazismo?
8. Sa iyong palagay, nakabuti ba ang Fascismo, Komunismo at Nazismo sa buhay ng karaniwang tao sa Russia, Italy at Germany? Bakit?
9. Ipaliwanag ang mga salik na nagbigay-daan upang yakapin ng mga bansa ang kanilang ideolohiya.
10. Ano ang bahaging ginagampanan ng puwersang demokrasya at komunismo sa kalagayan ng tao?
11. Paano nagkakaiba-iba ang ideolohiyang sinusunod ng mga bansa?
12. Paano nauugnay ang puwersang pangkabuhayan ng bansa sa kalagayang politikal nito?

GAWAIN 8 – TRIAD WEB

Sa pamamagitan Triad Web, paghambingin ang katangian ng mga sumusunod na tatlong pinuno. Isulat sa gitna ang pagkakatulad ng kanilang mga paniniwala at sa bilog ang kanilang pagkakaiba.



Gawain . 9 – PUNTO POR PUNTO

Ngayon ay magkaroon kayo ng isang debate, tungkol sa paksang nasa ibaba. Sundin ang kasunod na mga hakbang.

Mga Hakbang:

1. Basahin at unawaing mabuti ang paksang ito**!** ***“ Aling ideolohiya ang dapat pairalin sa Pilipinas? Komunismo o Demokrasya?”***
2. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at pagkatapos ay pumili ng lider.
3. Simulan ang debate sa pamamagitan ng pagpapalitan ng argumento.
4. Isasagawa ang “rebuttal” matapos maisagawa ang argumento
5. Ibuod ang argumento ng bawat pangkat
6. Suriin ang debate batay sa pamantayan
7. Tanungin ang klase kung aling pangkat ang mas epektibo. Inaasahan ang mahusay na pagtanggap ng pagkatalo (sportsmanship) at ang paglinang ng kakayahang magsalita, mag-isip at mangatuwiran.

GAWAIN 10: PAG-ISIPAN MO, ARALING ITO

Ano-anong ideya o salita ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang “Cold War”? Isulat sa *cloud callout* ang iyong sagot.

Ang Pananaw sa Cold War

Ang United States at Unyong Sobyet ay naging makapangyarihang bansa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Hindi naging mabuti ang ugnayan ng mga bansang ito na kapwa tinatawag na *superpower*. Nauwi ito sa Cold War na bunga ng matinding kompetensiya ng mga bansa noong 1940 hanggang 1990. Hindi lamang tunggalian sa kapangyarihan kundi pati na sa ideolohiya ang dahilan nito. Ang United States ang nagtaguyod ng demokrasya at kapitalismo samantalang ang Unyong Sobyet ay kumatawan sa sosyalismo at komunismo. Malaki ang naging papel ng Estados Unidos bilang pinakamakapangyarihang kapitalista sa pagsasaayos ng daigdig matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Upang mapigil nito ang paglaganap ng sosyalismo at komunismo ng USSR, gumawa ito ng iba’t ibang hakbang. Sa pamamagitan ng Marshall Plan, tiniyak ng United States ang pagbangon ng kanlurang Europa bilang kapanalig sa kanluran. Sa silangan, tiniyak din nito ang pagbangon ng Japan sa pamamahala ni Heneral Douglas MacArthur.

Symbol of US

http://teamsuperforest.org/superforest/wp-content/uploads/2009/02/600px-us-greatseal-obversesvg-500x500.png

Mga Tunay na Sanhi

Ang Estados Unidos at Unyong Sobyet ay dating magkakampi at kasama sa mga bansang nagtatag ng “Nagkakaisang mga Bansa”. Ngunit dumating nga ang pagkakataong sila’y nagkaroon ng Cold War o hindi tuwirang labanan. May mga pangyayaring namagitan sa kanila at lumikha ng tension dahil sa pagkakaiba ng ideolohiyang kanilang pinaniniwalaan. Ang Estados Unidos ang pangunahing bansang demokratiko, samantalang ang Unyong Sobyet ay komunista. Ang kanilang sistemang politikal ay nakaapekto sa maraming bansa. Upang mapanatili ng Unyong Sobyet ang kapangyarihan sa Silangang Europa, pinutol nito ang pakikipag-ugnayan sa mga kanluraning bansa.

Naputol ang kalakalan, limitado ang paglalakbay, bawal ang pahayagan, magasin, aklat, at programa sa radyo. Ito ang tinagurian ni Winston Churchill na Iron Curtain o pampulitikang paghahati sa pagitan ng Soviet Bloc at taga-Kanluran. Lalo pang umigting ang di pagkakaunawaan dahil sa kawalan ng bukas na kalakalan ng mga bansang ito. Noong 1945, hiniling ni Stalin na magtayo ng base militar sa bahagi ng Black Sea at Aegean. Bahagi ito ng pagpapalawak ng Unyong Sobyet. Bilang tugon sa nagpalabas noong 1947 ng patakarang Truman Doctrine si Harry S. Truman, pangulo ng Estados Unidos.

Symbol of USSR

http://www.relinquishingjunk.com/Politi6.gif

Anu- ano ang mahahalagang impormasyong mahihinuha mula sa teksto?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Kompetisyon sa Kalawakan ng USSR at USA

Naunahan ng Unyong Sobyet (USSR) ang United States (US) sa pagpapadala ng sasakyang pangkalawakan. Sinimulan ng paglipad ng Sputnik I noong Oktubre 1957 ang Panahon ng Kalawakan (Space Age). Una ring nagpadala ng tao sa kalawakan ang USSR, si Yuri Gagarin na unang cosmonaut na lumigid sa mundo, sakay ng Vostok I noong 1961. Ngunit nahigitan pa ng US ang USSR nang nakaikot sa mundo nang tatlong beses noong 1962 si John Glenn Jr. sa sasakyang Friendship 7. Sinundan pa ito ng matagumpay na misyon noong Hulyo 20, 1969 nang unang makatapak sa buwan ang mga Amerikanong astronaut na sina Michael Collins, Neil Armstrong, at Edwin Aldrin. Hindi rin nagpahuli sa mga imbensiyon ang Estados Unidos.

Nakagawa ito ng unang submarino na pinatatakbo ng puwersang nukleyar, ang USS Nautilus. Hindi lamang sa gamit pandigma ginagamit ng US ang lakas atomika kundi pati sa panahon ng kapayapaan. Ginagamit ito sa medisina, agrikultura, transportasyon, at komunikasyon. Noong ika-10 ng Hulyo, 1962, pinalipad sa kalawakan ang Telstar, isang pangkomunikasyong satellite. Nagulat ang buong mundo sa nagawang ito ng US. Sa pamamagitan nito, maaari nang makatanggap ng tawag sa telepono at makakita ng palabas sa telebisyon mula sa ibang bansa.

Mabuting Epekto ng Cold War

Ang Estados Unidos at Unyong Sobyet ang nagpasikat sa pagpapalaganap ng kanilang ideolohiya. Bukod sa larangan ng militar, tiniyak din ng Estados Unidos na maayos ang takbo ng ekonomiya ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Binuo ang International Monetary Fund (IMF) upang ayusin ang daloy ng malayang kalakalan sa mundo. Kasabay ring inayos ang International Bank for Rehabilitation and Reconstruction (IBRR) o World Bank upang tumulong sa gawaing rehabilitasyon at rekonstruksyon. Samantala, pagkamatay ni Stalin ng USSR ay hiniling ni Khrushchev ang Peaceful Co-existence o Mapayapang Pakikipamuhay sa halip na makipaglaban pa sa digmaan. Isinulong ni Mikhail Gorbachev ang glasnost o pagiging bukas ng pamunuan sa pamayanan at perestroika o pagbabago ng pangangasiwa sa ekonomiya. Nagkasundo sina Gorbachev ng Unyong Sobyet at Ronald Reagan ng Amerika na tapusin na ang Arms Race upang maituon ang badyet sa ekonomiyaat pangangailangan ng nakararami. Maraming imbensiyon ang naisagawa ng dalawang panig: ang pagpapalipad ng Sputnik I ng USSR, at Vostok I, sakay si Yuri Gagarin, unang cosmonaut na lumigid sa mundo. Ang US naman ang nagpalipad ng Friendship 7, Apollo 11, at mga puwersang nukleyar na hindi lang ginamit sa digmaan kundi pati na sa medisina at komunikasyon.

Anu-ano ang mabuting epekto ng Cold War?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Mga Di-Mabuting Epekto ng Cold War

Dahil sa Cold War, umigting ang di pagkakaunawaang pampolitika, pang-militar, at kalakalan ng mga bansa. Bumaba ang moral ng mga manggagawa ng Unyong Sobyet na nagdulot ng malaking suliraning pang-ekonomiya. Dahil sa matinding sigalot bunga ng Cold War, iginigit ng dalawang puwersa ang kanilang pamamalakad kaya't nawalan ng tunay na pagkakaisa. Nagkaroon pa ng banta ng digmaan nang magkaroon ng mga samahang pansandatahan tulad ng North Atlantic Treaty Organization (NATO), WARSAW Treaty Organization o Warsaw Pact, at ikatlong pwersa o kilusang non-aligned.

Halaw sa PROJECT EASE Modyul 19- pg. 5-6
Basahin din ang Kasaysayan ng Daigdig, Vivar et al, 273-280 at Kasaysayan ng Daigdig Grace Estela C. Mateo, 348-355

Anu- ano ang hindi mabuting epekto ng Cold War?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 11: COMPARE AND CONTRAST

Batay sa tekstong binasa, paghambingin ang bansang Estados Unidos at Unyong Sobyet. Isulat sa loob ng larawan ang kanilang pagkakaiba at sa gitna naman ang mga pagkakatulad.



Pamprosesong Tanong

1. Ano- ano ang mga bansang nasangkot sa *Cold War*? Isulat sa tapat ng figure ang mga bansang pumanig sa US at USSR.
2. Ipaliwanag ang mga patakarang ipinatupad ng dalawang superpower.

GAWAIN 12: DISCUSSION WEB

Panuto: Sagutin ang tanong na nasa loob ng kahon. Pagkatapos ay isulat sa tamang kahon ang iyong paliwanag.



GAWAIN 13: OPINYON MO, SAY MO

Ano-anong patakaran ang ipinatupad ng Estados Unidos sa Pilipinas nang masakop nila ito? Ano ang opinyon mo tungkol sa mga patakarang iyon? Nakabuti ba o nakasama? Bakit? Ibahagi ang iyong sagot sa malikhaing paraan.

Pamprosesong Tanong:

1. Paano pinalaganap ng mga superpower ang kanilang impluwensiya?
2. Nakabuti ba ang impluwensyang iniwan ng mga superpowers sa mga bansang pumanig sa kanila? Pangatuwiranan

GAWAIN 14: BILI TAYO

Susubukin ngayon ang galing mo sa pagpili. Suriin ang mga produktong tinda ni Juan de la Cruz. Alin sa mga ito ang bibilhin mo?



Pamprosesong Tanong:

1. Kung ikaw ay nasa supermarket at kailangan mong mamili ng limang produkto na nasa tindahan ni Juan de la Cruz, aling mga produkto ang iyong bibilhin?Isulat sa ibaba.
2. Bakit mo binili ang nasabing mga produkto? Pangatwiranan.

Isulat din sa kasunod na talahanayan ang iyong sagot.

Mga Produktong Binili ko	Paliwanag

Magsagawa ng malayang talakayan tungkol sa mga sagot pagkatapos.

Maitatanong natin: “Tapos na ba ang kabanata ng kolonyalismo?” o napalitan lamang ba ito ng tinatawag na “neokolonyalismo”?

Alamin natin sa susunod na teksto ang kahukugan ng “neokolonyalismo”.

NEOKOLONYALISMO: PAMAMARAAN O SANGKAP NITO

Tumutukoy ang *neokolonyalismo* sa patuloy na impluwensiyang pang-ekonomiya at panlipunan ng mga mananakop sa mga bansang dati nilang kolonya, bagamat wala silang tuwirang militar o pulitikal na kontrol sa mga ito.

Ang Pamamaraan ng Neokolonyalismo

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumitaw ang makabagong uri ng pananakop upang mapanatili ang kanilang kapangyarihan, ang neo-kolonyalismo at interbensiyon. Itinuturing ang neo-lolonyalismo nab ago at ibang uri ng pagsasamantala sa mahirap na bansa. Ayon sa mga agham-politika, ito ang pananatili ng control ng isang dating kolonyalista sa dati nitong kolonya. Malumanay (subtle) at patago ang pamamaraang ito. Layunin nitong patatagin ang pamumuhunan ng kolonyalistang bansa, pigilan ang pagkamit ng tunay na kalayaan, at kunin ang mas malaking kita sa negosyo. Sa kabuuan, pinaigting nito ang imperyalismo sa ekonomiya, politika, military at ideolohiyal na mga aspeto. Isa sa maituturing na pinakamahalagang sangkap ng sistemang neo-kolonyalismo ay ang pagkakaroon nito ng makabagong pamamaraan sa pamumuhunang industriyal at pinansyal. Kabilang dito ang pagbuo ng iba't ibang uring kompanya; pandaigdigan at pampribadong pondo; pagkakaroon ng mga korporasyon at konsoryum (samahan ng mga namumuhunan), pagsisiguro ng pamumuhunan, at pagpapautang ng malaking halaga na makakatulong hindi lamang sa nangangailangan kundi magbibigay rin ng sapat na tubo sa magpapahiram. Ang mga imperyalista ay nakatuon sa kita ng kapital na kanilang inilagay sa mga negosyo ng papaunlad ng mga bansa. Ang mga kumpanya ng langis ang kadalasang kumikita ng malaki lalo na sa kanlurang Asya, Venezuela, Cambodia, Argentina, Brazil, Bolivia, at Africa. Isa pang pamaraan ay ang pagluluwas ng puhunan sa pamamagitan ng paggawa ng mga internal at pribadong kompanya upang makagawa ng konsorsyum at makakuha ng mas magandang kundisyon sa negosyo sa papaunlad na mga bansa. Halimbawa nito ay ang Atalantic Community Development Group for Latin America (ADELA) na itinayo ng 120 pribadong kumpanya at mga bangko ng kanlurang Europa, pondo sa mga bansang Brazil, Ecuador, Nicaragua at Chile.

Ang neo-kolonyalismo ay isang uri ng suliraning pampulitika at pang-ekonomiya na ang lahat ng estado mayaman at mahirap ay maaring masangkot.

http://isyungpnu.files.wordpress.com/2011/08/impe-eagle.jpg?w=614

Ipaliwanag ang kaugnayan ng larawan sa tekstong binasa.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

MGA PAMAMARAAN AT URI NG NEOKOLONYALISMO

Sa araling ito, tatalakayin ang mga pamamaraan at uri ng neo-kolonyalismo upang lalong maging epektibo ang pananakop ng mayayamang bansa sa larangan ng ekonomiya at kultura.

Mga Pamamaraan at Uri ng Neokolonyalismo

Ang mga pamamaraang ginamit ng neo-kolonyalismo upang makuha ang kanilang gusto sa malalayang bansa ay kinabibilangan ng mga uring pang-ekonomiya at pangkultura. May mga pagkakataong ginamit din ang militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang-espiya.

1. Pang-ekonomiya- Naisasagawa ang neolonyalismo sa pamamagitan ng pakunwaring tulong sa pagpapaunlad ng kalagayang pangkabuhayan ng isang bansa, ngunit sa katotohanan ay nakatali na ang bansang tinutulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumutulong.

2. Pangkultura- Sa pamamaraang ito, nababago ng neokolonyalismo ang pananaw ng tinutulungang bansa sa mga bagay na likas na angkin nito. Bunga ng kulturang dala ng dayuhang tumutulong o bansang dayuhan, nababago ang pinahahalagahan ng mga mamamayan ng tinutulungan bansa sa pananamit, babasahin, maging sa pag-uugali. Halimbawa, itinuro ang kabuhasnan, kasaysayan at wika ng mga Amerikano kaya naapektuhanang sariling kalinangan pati na ang paggamit ng

http://barbadosfreepress.files.wordpress.com/2009/07/thompson-foreign-aid.jpg

sariling wika. Ilan lamang ito sa naging dahilan ng pagtataglay ng mga Pilipino ng kaisipang kolonyal na pumupuri at dumarakila sa anumang bagay na gawa ng Estados Unidos at nagwawalang-bahala sa mga bagay na gawa sa sariling bayan. Bahagi rin ng neo-kolonyolistang kultural ang pagpasok ng iba't ibang pagkaing Amerikano na ngayo'y palasak na sa panlasang Pilipino – hotdog, hamburger, at mansanas na ipinagpalit na sa katutubong mga pagkaing tulad ng kalamay, puto, latik, ginatan, bibingka at marami pang iba. Maging ang pananaw ng mga Pilipino sa buhay ay nabahiran na rin ng imperyalismo. Naghangad ang mga Pilipino ng mga materyal na bagay na naging batayan ng katayuan sa lipunan. Sa pananaw ng mga katutubong pinuno sa politika at ekonomiya, nakaugnay ang pambansa o pansariling interes sa interes ng mga neo-kolonyalista. Dahil dito, madaling maimpluwensiyahan huli ang una upang gawin ang mga nais nila.

3. Dayuhang Tulong o Foreign Aid

Isa pang instrumento ng mga neo-kolonyalismo ang nakapaloob sa dayuhang tulong o " foreign aid" na maaaring pang-ekonomiya, pangkultura o pangmilitar. Sa una'y maiisip na walang kundisyon ang pagtulong tulad ng pamimigay ng gatas sa mga bata o pamamahagi ng mga aklat. Ngunit kung titingnang mabuti, may kapalit ang "libreng" pagtulong. Nagbebenta ang bansang tumulong ng mga "imported" na produkto sa bansang tinulungan kaya nga't bumabalik rin sa kanya ang malaking tubo ng kanyang puhunan.

Ayon sa teksto, ipaliwanag ang kahulugan ng mga sumusunod na uri ng neo-kolonyalismo:

1. Pang-ekonomiya
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
2. Pangkulltura
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
3. Dayuhang Tulong o Foreign Aid
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

4. Dayuhang Pautang o Foreign Debt

Gayundin, anumang pautang na ibigay ng International Monetary Fund (IMF/WORLD BANK) ay laging may kaakibat na kondisyon. Kabilang dito ang pagbubukas ng bansang pinauutang sa dayuhang pamumuhunan at kalakalan, pagpapababa ng halaga ng salapi at pagsasaayos ng sistema ng pagbubuwis. Kung hindi susundin ang mga kondisyon, hindi makauutang ang umuutang na bansa. Dahil dito, hindi rin makaahon sa utang ang mahihirap na bansa. *Debt trap* ang itinawag dito.

5. Lihim na Pagkilos (Covert Operation)

Kung hindi mapasunod nang mapayapa, gumagawa ng paraan ang mga neo- kolonyalista upang guluhin ang isang pamahalaan o ibagsak ito nang tuluyan.

4. Dayuhang Pautang o Foreign Debt

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Lihim na Pagkilos (Covert Operation)

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Epekto ng Neo-kolonyalismo

Maraming epekto ang neo-kolonyalismo sa mga bansang sinakop at pinagsamantalahan nito.

1. “Over Dependence” o labis na pagdepende sa iba-: Malinaw na umaasa nang labis ang mga tao sa mayayamang bansa lalong-lalo na sa may kaugnayan sa United States.

2. “Loss of Pride” o Kawalan ng Karangalan- Sanhi ng impluwensiya ng mga dayuhan, nabubuo sa isipan ng mga tao na lahat ng galing sa kanluran ay mabuti at magaling, na isang dahilan kung bakit ang tao ay nawalan ng interes sa sariling kultura at mga produkto.



http://www.recoveredhistories.org/images/enslave-01.jpg

3. *Continued Enslavement* o Patuloy na Pang-aalipin- Totoo ngang ang umuunlad na bansa ay malaya sa prinsipyo, ngunit sa tunay na kahulugan ng salitang kalayaan, ang maliliit na bansa ay patuloy pa ring nakatali sa malakolonyal at makakapitalistang interes ng kanluran. Ang lahat ng aspeto ng kabuhayan ay kontrolado pa rin ng kanluran.

Halaw sa PROJECT EASE MODULE 20- pg. 5,9,10,13 14. *Basahin din ang Kasaysayan ng Daigdig, Vivar et al, 281-284 and Kasaysayan ng Daigdig Grace Estela C. Mateo, 358-361.*

Anu-ano ang mga impormasyong mahihinuha mula sa teksto?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 15: NARARAMDAMAN MO, IGUHIT MO!

Batay sa binasang teksto, ang bawat pangkat ay gagawa ng karikatura o anumang malikhaing gawain tungkol sa paksang napatakda sa pangkat..

Unang Pangkat- Nagpapaliwanag ng sangkap at kahulugan ng neo-kolonyalismo
Ikalawang Pangkat- Mga uri ng neo-kolonyalismo
Ikatlong Pangkat- Mga bansang nagpatupad ng mga impluwenisya sa ibang bansa
Ikaapat na Pangkat- Epekto ng neo-kolonyalismo

Pamprosesong Tanong**:**

Matapos mapakinggan ang Gawain ng lahat ng pangkat, sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang iyong ideya tungkol sa salitang neo-kolonyalismo?
2. Bakit kaya nagkaroon nito?
3. Ipaliwanag ang mga patakaran at impluwesiyang ipinatupad ng mga makapangyarihang bansa sa mga bansang kontrolado nila?
4. Paano naapektuhan ng patakarang ito ang ekonomiya ng mga bansang papaunlad pa lamang?

GAWAIN 16- LARO TAYO

Halika! Maglaro tayo ng garter game. Simple lamang ang patakaran sa larong ito. Kailangan ng garter na bibigkis sa mga manlalaro. Kapag positibo (maganda ang dulot nito, ang salita/ pariralang tinuran ko, nangangahulugan ito ng isang hakbang ng mga manlalaro papunta sa gitna. Kapag naman negatibo (hindi maganda ang dulot) 1 hakbang palayo sa gitna. Nangangahulugan ito na kapag mas marami ang positibong dulot ng neo-kolonyalismo magiging maluwag ang garter subalit kapag mas marami ang nagatibong dulot nito, mararamdaman ng mga manlalaro ang pagsisikip ng garter.



Handa ka na ba? *Ready set go*:

1. *Foreign investment*
2. *Loss of pride*
3. *Foreign debt*
4. *Over dependence*
5. *Continued enslavement*

Pamprosesong Tanong

1. Batay sa gawaing ito, nakabuti ba o nakasama ang neo-kolonyalismo sa daigdig?
2. Ngayong nalaman mo ang negatibong epekto nito, ano ang nararapat mong gawin? Bakit?

GAWAIN 17: ABC BRAINSTORM STRATEGY

Muli mong sagutan ang ABC Brainstorm Strategy, ngunit sa pagkakataong ito, ipaliliwanag ang kahulugan o kaugnayan ng salitang iyong isinulat.

Halimbawa: A- Asia

Paliwanag- Pinakamalaking kontinente sa daigdig, narito ang maraming papaunlad na bansa, gaya ng Pilipinas, *(Third World Countries)* na naimpluwensyahan ng mga superpower.

A	**G**	**M**	**S**
B	**H**	**N**	**T**
C	**I**	**O**	**U**
D	**J**	**P**	**V**
E	**K**	**Q**	**W**
F	**L**	**R**	**XYZ**

Pamprosesong Tanong

1. Ilang salita ang nadagdag sa dating isinagot mo? Ano-ano ito?
2. Paano mo naipaliwanag ang iyong mga sagot?

PAGNILAYAN/UNAWAIN

GAWAIN 18: PAGSUSURI SA MAKABAGONG MUNDO

Panuto: Magsaliksik sa internet tungkol sa paksang nasa ibaba. Gamitin ang link sa larawan upang medaling Makita ang artikulo. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na katanungan tungkol dito.

China in Africa: Neocolonialism or a Chance for Growth?

Mga bansa sa kontinente ng Africa na may presensiyang pang ekonomiya ang China.

WEBSITE: http://voiceofrussia.com/2013_08_13/China-in-Africa-neocolonialism-or-chance-for-growth-9071/

Relations between China and Africa have recently flourished and the two have broadened political, diplomatic, economic, educational, cultural and military ties. As Chinese economy grows it needs greater cooperation with African markets. Recently, Johannesburg hosted the first South Africa-China Markets Forum attended by South African and Chinese businessmen, including more than 80 top fund managers from the Shanghai Stock Exchange. The forum resulted in a letter of intent to create exchange traded funds for Chinese investors to trade in Africa

China-Africa trade turnover was almost $200 billion in 2012, and China's trade with South Africa alone reached $60 billion. The increasing presence of Chinese companies in Africa has caused concern in the West, which says undemocratic China is undermining human rights and causing environmental devastation. But what do Africans themselves make of the tendency? VoR's Tom Spender travelled to Kenya to find out. Tom has been greatly impressed by a brand-new highway in congested Nairobi. The road was built by Chinese China Wu Yi Company, Sino hydro Corporation and Sheng Li Engineering Construction. Young Kenyan, Andrew, says the new road saves him two hours of commuting time.

China claims its increasing activity in Africa to be a win-win game, not just pouring money in the continent but developing together, compared to the Mao times when financial aid, was a tool to make Africa shift from Taiwan to People's Republic of China. Today Chinese projects in Africa include a new Indian Ocean port, residential construction, copper mines in Zambia, cobalt mines in Congo, and a rail network linking Addis Ababa to Djibouti. China has invested some 75 mln dollars into the continent, going neck-to-neck with the US that contributed 90 mln to bilateral projects.

Some Africans, however, have mixed feelings about this cooperation. Thus, governor of Nigerian Central Bank Mallam Sanusi said, "China takes from us primary goods and sells us manufactured ones - this was the essence of colonialism." US President Barack Obama has also warned Africa of possible aftermaths in one of his speeches "When we look at what other countries are doing in Africa, our only advice make sure it is a good deal for Africa." Professor Stephen Chan from the School of Oriental and African Studies believes that China, however, has certain moral principles when operating in Africa. "Africa finally has a chance to make a choice – it's not only America anymore. And what stands behind Western concerns is angst about the continent's resources. While its discourse is clad in the rhetoric of democratic values, Chinese are being shown as not caring about these values at all," Dr Chan said.

The expert believes that moral principles prevent China from going too far in economic exploitation of the continent and Beijing is also more sensitive to African aspirations, as it is prepared to build universities in the region, while the only education the West sees for Africa doesn't go beyond basic literacy and primary schools. "Chinese came out of great deprivation, so they understand the power of aspiration. It's a natural desire to see your kids going to university," the expert said.

Some locals complain that flocks of Chinese coming to the continent push them out of business and take local jobs. “It’s wrong for them to do what Kenyans can do,” activist Boniface Mwangi said, adding that “They bribe and don’t care about human rights, which makes it a win-lose situation.” Now there are about 1 mln Chinese in Africa with the largest community in South Africa, Egypt and Nigeria.

Some Africans are happy with China’s non-interference into local policy, while the West keeps dictating people whom to vote and care only about free and democratic elections.

Democracy doesn’t necessarily bring development with it, that’s one of China’s guidelines, and its leaders say that the right to food and life is more important than democracy words.

“Though many African countries have adopted European democracies, they are still underdeveloped, while China searches for the best way to improve living standards,” a Chinese top official said. Chinese presence in the region also causes environmental concerns: oil factories and mines heavily pollute the atmosphere.

Ivory poachers make fortunes on wealthy Chinese. According to the Kenya Land Conservation Trust, China is now number one market for ivory, but 80% of this ivory is illegal, which means that elephants can go extinct in less than 10 years. China, however, has recently issued guidelines on environmental practice for overseas companies.

Generally, Africans agree that China brought a new wave of life and development to the continent. A Consumer Insight poll has shown that China was the top source of inspiration for Kenyans, who learnt many useful business and negotiating skills from Chinese.

This means the West needs to admit – it doesn’t dominate the continent anymore.

Source: http://voiceofrussia.com/2013_08_13/China-in-Africa-neocolonialism-or-

Pamprosesong Tanong

1. Maituturing bang isang uri ng makabagong neokolonyalismo ang ginagawang pagpasok ng China sa mga bansa ng kontinenteng Africa? Pangatwiranan ang sagot.
2. Sa iyong pananaw nakabubuti ba o nakasasama ang pagtulong ng China sa ekonomiya ng mga bansa sa Africa?

Isulat sa bahaging ito ang inyong sagot.



GAWAIN 19- TAPOS NA!

Dugtungan ang sumusunod na pangungusap tungkol sa paksang tinalakay.

Sa araling ito, natutunan kong _____
_____

Ang pinakamahalagang ideya na nakaapekto sa akin ay _____
_____

Mahalaga ito, sapagkat _____

_____

Sa pagkakataong ito, naisip kong _____

_____.

ARALIN 4: MGA PANDAIGDIGANG ORGANISASYON, PANGKAT, AT ALYANSA

ALAMIN

Binabati kita sa matagumpay mo na pagkakamit ng mahahalagang kaalaman tungkol sa mga ideolohiya at epekto ng neo-kolonyalismo sa nakaraang aralin. Ngayon, pag-aaralan mo sa araling ito ang bahaging ginampanan ng mga pandaigdigang organisasyon, pangkat, at alyansa sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran. Sa pamamagitan ng iba't ibang Gawain, inaasahang highit na madaragdagan at lalawak ang iyong kaalaman sa paksa. Inaasahan ring matalino mong masasagot ang katanungang: **Paano mapananatili ng mga organisasyong pandaigdig ang pagkakaroon ng kapayapaan at pagkakaisa sa daigdig?**

GAWAIN 1: *THE QUEEN WANTS TO KNOW!*

May mahalagang papel na ginampanan ang mga organisasyong pandaigdig sa mga hakbang tungo sa kapayapaan at kaunlaran ng mga bansang kasapi nito. Sisimulan mo na ngayong tuklasin ang ginampanang papel ng mga pandaigdigang organisasyon sa pagtataguyod ng kapayapaan at ang kanilang pagtutulungan upang makamit ang pag-asenso. Ngunit bago tayo tumungo sa aralin, halina muna't maglaro! Subukan mong sagutin ang mga tanong ng guro sa larong ***"The Queen Wants to Know!"***





Mahusay ang ipinakita mo sa laro! Ang mga organisayong pandaigdig ay may kani-kaniyang sagisag o simbolo. Ngayon, tingnan naman kung pamilyar ka sa mga sagisag ng mga samahang pandaigdig na ito.

GAWAIN 2: *GOTTA GUESS THE FLAG!*

Hulaan ang mga watawat ng sumusunod na organisasyong pandaigdig. Tingnan ang kahon sa itaas para sa mga pagpipilian.

Organization of Islamic Cooperation (OIC)	*World Bank (WB)*
Association of Asian Nations (ASEAN)	*World Trade Organization (WTO)*
Asia Pacific Economic Cooperation (APEC)	*European Union (EU)*



Sagot:

1. 4.

2. 5.

3.

Binabati kita sa matagumpay na pagsagot sa gawain sa itaas! Ngayon, balikan ang iyong mga datihang-kaalaman tungkol sa paksa. Isipin mo rin ang mga bagay na nais mo pang tuklasin at ang mga kaalaman na gusto mo pang matutuhan. Maghanda na para sa susunod na gawain.

GAWAIN 3: *GENERALIZATION TABLE*

Tingnan ang *Generalization Table*. Isulat sa bahagi ng "*My Initial Thoughts*" ang mga nalalaman o kaalaman mo tungkol sa iba't ibang pandaigdigang organisasyon o samahan. Iwan mong blangko ang mga sumusunod na talahanayan sapagkat sasagutan mo ito sa mga susunod pang gawain. *Ready, set, go!*

My Initial Thoughts	***My Findings and Corrections***	***Supporting Evidence***	***My Generalization***
1.			
2.			
3.			

Pamprosesong Tanong:

1. Marami ka bang naitala sa hanay ng *Initial Thoughts?* Sapat na ba sa iyo ang kaalamang ito o nais mo pa itong dagdagan at palalimin?
2. Ao-ano pa ang nais mong malaman tungkol sa mga organisasyong pandaigdig? Bakit mo ito gustong malaman?

PAUNLARIN

Matapos mabatid ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa mga organisasyon pandaigdig, maaaring marami ka pang katanungan na gusting masagot. Handa ka na bang tuklasin ang kahalagahan ng mga ito sa pagtatamo ng pandaigdigang kapayapaan at kaunlaran?

ANG MGA PANDAIGDIGANG ORGANISASYON

Bukod sa *United Nations* marami pang organisasyong pandaigdig na nabuo na may layuning pagbigkisin ang mga bansa upang matamo ang pandaigdigang kapayapaan at kaunlaran. Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng kasunod na teksto na patungkol sa pagkakatag at layunin ng ilang mga organisasyong pandaigdig.

1. European Union (EU)

Ang **Unyong Europeo** ay isang pang-ekonomiko at pampulitikal na unyon ng 27 malalayang bansa. Ito ang pinakamalaking kompederasyon ng mga mallaayang estado na itinatag sa ilalim ng pangalang iyon noong 1992. Ang mga aktibidad ng Unyong Europeo ay sumasakop sa patakarang publiko, patakarang ekonomika sa ugnayang panlabas, tanggulan, pagsasaka at kalakalan.

2. Organization of American States (OAS)

Ang **Samahan ng mga Estadong Amerikano** ay isang pandaigdigang samahang nakabase sa Washington, D.C., Estados Unidos. Mayroon itong tatlumpu't limang kasaping nagsasariling estado ng Amerika. Layunin nitong makamit ang kapayapaan at hustisya, itaguyod ang pagkakaisa ng mga estadong kasapi, patatagin ang kanilang pagtutulungan, pangalagaan ang kanilang awtonomiya, ang kanilang teritoryo, at ang kanilang kalayaan.

3. Organisation of Islamic Cooperation (OIC)

Ang OIC ay isang internasyonal na org ng 57 estado. Ito ay samahan ng mga bansang Muslim na naglalayong siguruhin at protektahan ang interes mula sa pamamagitan ng pagsusulong ng kapayapaang pandaigdig at pagkakaunawaan.

4. Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)

Ang **Kapisanan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya o** kilala bilang **ASEAN** ay isang organisasyong heopolitikal, ekonomikal, at pangkultura ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang mga layunin ng samahang ito ay maitaguyod ang paglago ng ekonomiya, kaunlarang panlipunan, pagsulong ng mga kultura ng bawat kasapi, at pagpapalaganap ng kapayapaang panrehiyon.

GAWAIN BLG. 4: ***ORG-OUTLINER!***

Subukang gawan ng *outline* ang mga organisasyong binanggit sa teksto. Gamitin ang sa ibaba.

Organisasyon	Taon ng Pagkakatatag	Layunin
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		

Pamprosesong Tanong:

1. Narinig mo na ba ang mga nabanggit na organisasyon sa teksto? Saan?
2. Sa iyong palagay, saklaw ba ng mga organisasyong ito ang mga bansa sa iba't ibang kontinente?
3. Ano ang masasabi mo sa layunin ng mga organisasyong ito? Ipaliwang ang sagot.

GAWAIN 5: ORGANISASYON, MAHALAGA BA ITO?

Dahil nalaman mo na ang ilan sa mga pandaigdigang samahan na nagsusulong ng kapayapaan at kaunlaran, isa-isahin ngayon ang mga layunin nito. Pagkatapos ay itala sa tabi nito ang kahalagahan ng nasabing organisasyon.



Pamprosesong Tanong:

1. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng mga pandaigdigang organisasyon?
2. Paano makatutulong ang mga ito sa pagkakamit ng pandaigdigang kapayapaan kalayaan at kaunlaran?

GAWAIN 6: *UP Dev CHECKLIST*

Narito ang iba pang mga pandaigdigang organisasyon. Basahin at unawaing mabuti ang mga layunin nito. Pagkatapos ay sagutin ang mga kaugnay na tanong tungkol sa binasa.

WORLD BANK

Ang *World Bank* ay isang pandaigdigang bangko na nagbibigay ng tulong-pananalapi at teknikal sa mga bansang umuunlad para sa mga programang pangkaunlaran tulad ng mga tulay, kalsada, paaralan, at iba pa na may layunin ng pagpapababa ng antas ng kahirapan.

INTERNATIONAL MONETARY FUND (IMF)

Ang *International Monetary Fund* ay isang organisasyong internasyunal na pinagkatiwalaang mamahala sa pandaigdigang sistema sa pananalapi sa pamamagitan ng pagmasid sa mga halaga ng palitan at balanse ng mga kabayaran, gayon din ang pag-alok ng teknikal at pinasyal na tulong kapag hiningi.



WORLD TRADE ORGANIZATION

Ang *World Trade Organization* ay isang organisasyong pandaigdig na itinatag upang mapamanihalaan at magbigay ng kalayaan sa kalakalang pang-internasyunal. Ang WTO ay nabuo noong Enero 1, 1995 kahalili ng Pangkalahatang Kasunduan sa mga Taripa at Kalakalan (GATT).

Sanggunian: tl.wikipedia.org

Narito na ang tseklist na iyong sasagutan. Lagyan mo ng tsek (/) ang hanay na maliwanag na isinusulong ng mga organisasyon.

Organisasyon	*Unity*	*Peace*	*Development*
1.			
2.			
3.			

Pamprosesong Tanong:

1. Paano nakatutulong ang mga organisasyong pandaigdig sa pagpapanitili ng kapayapaan, pagkakaisa at pag-unlad?
2. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung walang organisasyong katulad ng World Bank, IMF at WTO sa taas na nagsusulong ng pagkakaisa, kapayapaan, at kaunlaran?

Iba pang Organisasyong Pandaigdig

Bukod sa mga pandaigdigang organisasyon na nabanggit sa katatapos na teksto, marami pang organisasyong internasyunal ang nilikha upang patatagin ang kooperasyon ng mga bansa at magtaguyod ng kaunlaran. Nilikha ang mga organisasyong ito upang magbigay tulong sa pananalapi, magbigay kalayaan sa kalakalang internasyunal, mamahala sa sa pandaigdigang sistema ng pananalapi, at iba pa. May mga samahang rehiyunal din na bumuo ng *trade blocs.* Ang *trade bloc* ay isang kasunduan ng mga bansang kadalasan ay magkakaanib sa isang samahang rehiyunal na naglalayong bawasan, paliitin, o tanggalin ang mga taripa at mga hadlang sa taripa sa pagitan ng mga miyembrong bansa.

Narito ang halimbawa ng *trade blocs:*

1. ASEAN Free Trade Area

Ang Sonang Malayang Kalakalan ng ASEAN (AFTA) ay isang kasunduan ng hanay na pangkalakalan ng Kapisanan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya na nagtataguyod ng mga pampagawaang pampook (*local manufacturing*) sa lahat ng mga bansa sa ASEAN.

Ang mga tahasang mithiin ng AFTA ay makamit ang sumusunod:

- Palakihin ang hangganang pagkainaman bilang batayang pamproduksyon sa pandaigdigang pamilihan sa pamamagitan ng pag-aawas, sa loob ng ASEAN, ng mga salabid ng taripa at walang-taripa; at
- Akitin ang maraming panlabas na tuwirang pamumuhunan sa ASEAN.

2. North American Free Trade Agreement (NAFTA)

Ito ay isang kasunduan na nilagdaan ng Canada, Mexico, at United States na lumilikha ng *trilateral trade bloc* sa North America. Ito ay nabigyang bisa noong 1994 na nagbigay-daan sa pagkakabuo ng isang *trade bloc* na maituturing na may pinakamataas na pinagsama-samang *purchasing power parity* sa GDP.

Sanggunian: tl.wikipedia.org

GAWAIN 7: MAGPALITAN TAYO!

Pagmasdan mong mabuti ang mga larawan. Ipinapakita nito ang naitulong ng mga *trade blocs* sa itaas. Gamitin itong gabay sa pagsasagawa ninyo ng pangkatang gawain.

North American Free Trade Agreement

ASEAN Free Trade Area Agreement

What is AFTA?

AFTA stands for *ASEAN Free Trade Area* which involves the removal of obstacles to freer trade among member states. This includes the abolition of high tariffs or taxes on traded goods and the scrapping of quantitative restrictions (QR's) and other non-tariff barriers (NTB's) that limit the entry of imports.

There are ten (10) ASEAN member countries. The six original members are Brunei Darussalam, Indonesia, Malaysia, the Philippines, Singapore, and Thailand. The other members are Vietnam (1995), Laos and Myanmar (1997), and Cambodia (1999).

What are the objectives of AFTA?

The AFTA program was initiated in 1992 to create an integrated market among ASEAN's close to half a billion people making the ASEAN economies more efficient and competitive, and attract investments into the region.

The ultimate objective of AFTA is to increase ASEAN's competitive edge as a production base geared for the world market. A critical step in this direction is the liberalization of trade in the region through the elimination of intra-regional tariffs and non-tariff barriers. This will have the effect of making ASEAN's manufacturing sectors more efficient and competitive in the global market. At the same time, consumers will source goods from the more efficient producers in ASEAN thus expanding intra-ASEAN trade.

Sanggunian: http://www.tariffcommission.gov.ph/afta-cep.html

Ngayon ay magsasagawa tayo ng *Role Playing.* Kayo ay hahatiin sa apat na pangkat. Inaatasan ang bawat grupo na gumawa ng maikling dula na nagpapakita ng kabutihang naidudulot ng *trade bloc* sa mga bansang kabilang dito.

- **Una at Ikalawang Pangkat:** Mabuting naidudulot ng *trade bloc* sa mga miyembro ng *ASEAN Free Trade Agreement.*
- **Ikatlo at Ikaapat na Pangkat:** Mabuting naidudulot ng *trade bloc* sa mga miyembro ng *North American Free Trade Agreement.*

GAWAIN 8: *MY GENERALIZATION TABLE*

Ngayong natutunan mo na kung paano nakatulong ang mga organisasyon sa pagsusulong ng kaunlaran, kapayapaan, at pagkakapantay-pantay, balikan natin ang iyong *"My Generalization Table"* at iyo nang sagutan ang bahagi ng *"My Findings and Corrections"*. Isulat din sa hanay ng *"Supporting Evidence"* ang bagay na magpapatunay sa iyong sagot. Inaasahang may pag-unlad na magaganap sa iyong kaalaman sa pagkakataong ito.

My Initial Thoughts	***My Findings and Corrections***	***Supporting Evidence***	***My Generalization***
	1. **2.** **3.**	**1.** **2.** **3.**	

PAGNILAYAN/UNAWAIN

Sa bahaging ito pagtitibayin mo ang mga nabuong pag-unawa ukol sa paksa. Inaasahan ding sa bahaging ito ay kritikal mong masusuri ang mga bahaging ginampanan ng mga organisasyong pandaigdig sa pagsusulong ng kapayapaan, pagkakaisa, at pag-unlad.

Nalaman at naunawaan mo na ang mahahalagang papel ng mga pandaigdigang organisasyon sa pagsusulong ng kapayapaan, kaunlaran, at pagkakaisa. Ngayon, basahin at unawain mo ang artikulo sa ibaba mula sa *South African Broadcasting Corporation* tungkol sa layunin ng World Bank na wakasan ang matinding kahirapan sa taong 2030.

GAWAIN 9: PAGSUSURI NG BALITA

Basahin mo at suriin ang tekstong mula sa *World Bank*. Pagkatapos ay punan ang *graphic organizer* na tungkol sa dito.

Ethiopia: Extreme Poverty Is a Moral Issue - World Bank

5 October 2013

World Bank President Jim Yong Kim says with more than a billion people in the world living on less than $1.25 a day, extreme poverty has become the defining moral issue of our time, SABC reports.

Kim has also outlined how the Bank's new strategy would realign the global institution to help end poverty by 2030 and boost shared prosperity.

Kim says the Bank should be bold and not be afraid to take 'smart risks' to support projects that have the potential to transform a country or a region: "Our goals are clear. End extreme poverty by 2030. Share prosperity with the bottom 40% and share it with future generations. We have an opportunity to bend the arc of history and commit ourselves to do something that other generations have only dreamed of."

"For the World Bank Group, our strategy is based on the entire organisation working and pulling together. Our strategy also forces us to be selective - first, choosing our priorities and then, abandoning those activities that are not."

Kim then outlined three key elements of the Bank's strategy: "First, we will partner with the private sector to use their expertise and capital to fight poverty. This is particularly important to create good jobs for the poor. Second, we will increase our commitment to fragile and conflict-affected states, which will require us to be bolder, take more risks, and commit more resources. And third, we will be as ambitious as possible on issues that are of global importance, including investing in women and girls and climate change. Our response to climate change, for instance, must be bold enough to match the scope of the problem."

Kim has called for the convening of a social movement to end poverty and remarked that interest in the issue was coalescing around the globe.

"Just six months ago, the board of governors for the World Bank Group laid a foundation for a social movement by endorsing our two goals and declaring that we can end extreme poverty by 2030. Now we are seeing interest from all corners," Kim said.

Source: South African Broadcasting Corporation
(*http://allafrica.com/stories/201310070084.html*)

Ngayong natapos mo nang basahin ang teksto, kumpletuhin mo naman ang hinhingi ng *diagram* sa ibaba.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang hakbang na ginawa ng *World Bank* upang malutas ang suliranin ng kahirapan sa mga bansa sa daigdig? Sang-ayon ka ba sa hakbang na ito ng *World Bank?* Pangatwiranan.
2. Sumasang-ayon ka ba sa *World Bank* na ang kahirapan ay maituturing na isyung moral? Bakit?
3. Sa iyong palagay, nararapat nga bang bigyang-pansin din ni Pangulong Jim Yong Kim ang kababaihan? Ano ang maaaring maging bunga nito sa kalagayan ng kababaihan sa buong mundo?

GAWAIN 10: *1-2-3 SUMMARY!*

Basahing mabuti ang balita sa ibaba tungkol sa pagsususpinde ng *Organization of Islamic Cooperation* sa Syria at humandang sagutin ang mga tanong sa gawain.

Organisation of Islamic Cooperation Suspends Syria

By Asma Alsharif
MECCA | Wed Aug 15, 2012 7:53pm EDT

(Reuters) - The Organisation of Islamic Cooperation suspended Syria's membership early on Thursday at a summit of Muslim leaders in Mecca, citing President Bashar al-Assad's violent suppression of the Syrian revolt.

"The conference decides to suspend the Syrian Arab Republic membership in the OIC and all its subsidiary organs, specialized and affiliated institutions," the closing statement said.
The move had been approved on Monday at a preliminary meeting of OIC foreign ministers and was agreed on the summit's second night despite opposition from Iran.

Saudi Arabia, the summit's host, has led Arab efforts to isolate Syria diplomatically and has backed calls for the Syrian rebel opposition to be armed, which Foreign Minister Saud al-Fasial described in February as "an excellent idea."

However, speaking to reporters after the summit, OIC Secretary General Ekmeleddin Ihsanoglu said he "did not see much support for external military intervention" in Syria during the summit.

He described the decision to suspend Syrian membership as "a message to the international community ... that the Islamic community stands with a politically peaceful solution and does not want any more bloodshed."

The summit, which has taken place late on consecutive nights because of the Ramadan fast, had been billed as a diplomatic showdown between Sunni Muslim Saudi Arabia and Shi'ite Iran, which have backed different sides in sectarian conflicts in the Middle East.

However, Saudi King Abdullah tried to conciliate Iran at the summit opening by placing President Mahmoud Ahmadinejad at his side to welcome Muslim leaders in a gesture Saudi political analysts said was aimed at putting old grievances aside in the quest for a resolution to the Syrian crisis.

He also suggested founding a centre for dialogue between Islam's sects, another move aimed at defusing some of the region's sectarian tensions. That proposal was adopted by the summit.
In his first published comments since the summit opened, Ahmadinejad appeared to rebuff the Saudi move.

On Iran's Mehr news agency on Wednesday he said countries which wanted the Syrian crisis solved must come up with a plan of action to do so.

Sanggunian: *http://www.reuters.com/article/2012/08/15/us-syria-crisis-islamic-summit-idUSBRE87E19F20120815*

Maghanda ka na sa pagsagot sa gawain sa ibaba.



Pamprosesong Tanong:

1. Ayon sa balita, bakit isususpinde ng *Organisation of Islamic Cooperation ang Syria?*
2. Mahalaga ba ang ginawang hakbang ng OIC para sa pagpapanatili ng kapayapaan sa Syria at sa mundo sa kabuuan? Bakit?

GAWAIN 11: REAKSYON MO, SEY MO!

Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng balita sa ibaba. Isusulat mo mamaya ang iyong positibo/ negatibong reaksiyon sa isyung nakapaloob sa iyong binasang teksto sa *reaction corner* sa susunod na pahina.

PHL's $1-B loan to IMF not the first nor the biggest

ROUCHELLE DINGLASAN, GMA News
July 3, 2012 10:46pm

One billion dollars is roughly P42 billion, and can buy 1.5 billion kgs of National Food Authority rice or 267.50 million Big Mac meals.

For a country like the Philippines, that as of March 31 owes $62.9 billion in foreign debt and where only about 20 percent of citizens have bank deposits, $1 billion is a significant amount.

So when Bangko Sentral ng Pilipinas Governor Amando Tetangco Jr. revealed that the BSP is "extending a $1-billion loan to the International Monetary Fund… to ensure economic and financial stability across the globe," the news was a surprise to some at the very least.

The $1-billion loan of the Philippines forms the $456-billion multilateral fund that will be extended to debt-stricken European countries such as Greece, Portugal, Italy, and Spain.

"[BSP's loan extension is] an arrogant pretension of a country very much in debt," the Freedom from Debt Coalition (FDC) said in a statement.

“May pera pala tayo? Bakit kapag sa pagkain ng mga nagugutom, sa edukasyon ng mga bata, sa kalusugan ng mga may sakit, at sa pabahay para sa maralita, kung hindi kulang, walang budget?” added urban poor leader Mercy Donor, also a member of the FDC.

Public reaction to the loan was also one of surprise and disappointment based on the notion that international reserves in the custody and management of the BSP could be spent like the national budget.

Halaw sa:
http://www.gmanetwork.com/news/story/264036/economy/finance/phl-s-1-b-loan-to-imf-not-the-first-nor-the-biggest

Punan ng angkop na sagot ang *reaction corner* sa ibaba.



Pamprosesong Tanong:

1. Tungkol saan ang balita? Saan daw nangutang ang Pilipinas at para saan ang pangungutang na ito?
2. Sinusuportahan mo ba ang desisyon na ito ng pamahalaan?
3. Nararamdaman ba ang epekto ng pagkakautang ng bansa?

GAWAIN. 12: *GENERALIZATION TABLE*

Muli nating balikan ang iyong *Generalization Table*. Ngayong natapos na natin ang aralin , isulat mo na rito ang iyong sagot sa hanay ng “My Generalization”. Inaasahang mas malalim at wasto na ang iyong isusulat sa puntong ito.

My Initial Thoughts	***My Findings and Corrections***	***Supporting Evidence***	***My Generalization***
			1. **2.** **3.**

GAWAIN. 13: *SYNTHESIS JOURNAL*

Tingnan ang *synthesis journal* sa ibaba. Isulat mo sa unang hanay ang mga gawaing iyong isinagawa at sinagutan. Ang iyong mga natutuhan naman ang iyong ilalagay sa ikalawang hanay. Sa pinakahuling hanay, isulat mo kung paano mo magagamit sa pang-araw-araw na buhay ang mga ito. Maaari mong simulan ang pagsasagot.



Mga Gawain	Mga Natutuhan	Paano Ito Magagamit?

ILAPAT/ISABUHAY

Sa bahaging ito ay pagtitibayin ang iyong pang-unawa ukol sa aralin. Magkakaroon ka ng mas malalim na pagtalakay at pagkaunawa sa mga kontemporaryong isyu sa daigdig at ito'y magsisilbing hamon sa iyo upang maging kasangkapan ka sa pagkakaroon ng kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan tungo sa pagkakamit ng isang matatag na Republika tungo sa tunay na kaunlaran.

GAWAIN 14: GAWIN AT ISAKATUPARAN PARA SA BAYAN, KAYA KO ITO!

Sa pagkakataong ito, kayo ay papangkatin ng guro sa apat at kayo ay inaasahang bumuo ng isang Ordinansa ayon sa sitwasyon na nasa ibaba.

Ikaw ay naatasang maging *chair person* ng samahan ng mga kabataan sa Barangay X. Nahaharap sa suliraning pangkatahimikan ang inyong Barangay dahil sa ilang pangkat ng kabataan na tumatambay at umiinom ng alak hanggang hatinggabi. Gumagawa sila ng ingay at gulo na labis na nakakaapekto sa mga kapitbahay. Ikinababahala ito ng mga residente kaya't humingi sila ng tulong sa mga opisyales ng barangay.

Bilang *chair person* ng Samahan ng Kabataan, ikaw ay inaatasang gumawa ng ordinansa na magbibigay solusyon sa suliraning pangkapayapaan sa inyong lugar.

Gamiting gabay ang *format* na ito sa paggawa ng ordinansa.

Republika ng Pilipinas
BARANGAY _____
*Address:*_____

ORDINANSA NG BARANGAY _____. S- [Taon]

ISANG ORDINANSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NG ANYO NG _____ AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.

Inihain ni: _____
[Posisyon]

KUNG SAAN, sa Artikulo _____ *[sumipi ng mga artikulo na may kaugnayan sa ordinansang gagawin]*

KUNG SAAN, sa Artikulo _____ ……

SAMAKATUWID, ITINATAKDA NG KONSEHO NG BARANGAY _____ SA PAGPUPULONG NITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. Maikling Pamagat –
SEKSYON 2. Deklarasyon ng Patakaran –
SEKSYON 3. Depinisyon ng Katawagan –
SEKSYON 4. Ipinagbabawal na mga Gawain –
a.
b.
c.
d.
SEKSYON 5 Mga Parusa –

SEKSYON 6. *Separability* – Kung may probisyon sa Ordinansa na ito na mapapatunyang labag sa Saligang Batas, o kung sa iba pang paraan ay mapapasawamlabisa, mananatili pa rin ang bisa ng iba pang probisyon
SEKSYON 7. Pagkakabisa –

PINAGTIBAY: [Petsa]

_____
Punong Barangay at
Tagapangasiwa ng Pulong

Halaw sa: *http://www.galangphilippines.org/media/ADO-Brgy.-Pansol.pdf*

Buod:

Sa pagtatapos ng ika-18 siglo at pasimula ng ika-19 na siglo naabot ng Europe ang rurok ng kanyang kapangyarihan. Tiningala ito ng daigdig dahil sa matatag na industriyalisasyon,mabilis na komunikasyon at makabagong sandata na nagsilbing lakas ng mga bansa sa Europe.

Kaalinsabay nito ay ang pag-unlad ng diwang nasyonalismo na humantong sa pagpapalawak ng territoryo sa pamamagitan ng pananakop. Ang kolonya na siyang nagbigay ng malaking tulong upang mapagkunan ng sangkap ng makinarya, gumawa at bumili ng kanilang produkto at paglagakan ng kapital ng kanilang negosyo ay pinag-agawan at pinagpaligsahan ng mga bansa sa Europe.

Ito at iba pang dahilan ang nagbunsod upang magkaroon ng alitan na humantong sa Digmaang Pandaigdig.

Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay nagsimula noong Hulyo, 1914. Pangunahing sanhi nito ay ang nasyonalismo, imperyalismo, pagbuo ng alyansa at ang pandaigdig na hidwaan. Naging hudyat ng digmaan ay nang pataksil na patayin ni Gavrilo Princip, isang Serbian si Francis Ferdinand, ang tagapagmana ng trono ng Austria. Europe ang naging entablado ng digmaan, naging pinakamainit ang labanan sa bahaging Kanluran mula Belgium hanggang Switzerland.

Naging malagim ang epekto nito. Maraming buhay ang nawala, at ang mga ari-arian ay napinsala, lumaganap ang kagutuman at pansamantalng natigil ang gawaing pangkabuhayan. Ang mapa ng Europe ay nagbago at naibalik ito sa dating anyo. Nilagdaan ang mga kasunduang pangkapayapaan, at nagtatag ng Samahang Pandaigdig tulad ng Liga ng mga Bansa, na ang pangunahing layunin ay mapanatili ang pandaigdigang kapayapaan.

Isang kasunduang nabuo ng Liga ay ang kasunduan sa Versailles noong Hunyo 1919, na pinaniniwalaang maraming kontrobersya. Ilang probisyon nito ay ang pag-aalis ng lahat ng kolonya ng Germany at pagbabayad nito ng malaking halaga. Nahirapan ang Germany na tumupad sa kasunduan sa halip naghimagsik ito na humantong sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay naganap noong 1939-1945, ang itinuturing na pinakamapangwasak na digmaan sa kasaysayan. Dahil sa Sistema ng alyansa, naglaban-laban ang Allies na pinangunahan ng US, France, Great Britain at Russia at ang pwersang Axis na binubuo ng Germany, Japan at Italy. Sa pagkakampihan ng mga bansa naghangad ang bawat isa na paunlarin ang kanya-kanyang imperyo. Si Adolf Hitler na may layuning maging superyor ang mga German ay gumamit ng kamay na bakal upang mapalaganap ang imperyo at magkaroon ng kapangyarihan. Kasabay nito ay ang paglusob ng Italy sa Greece at ibang bahagi ng Africa. Samantala, ang Japan ay nanakop sa Asya upang may

mapagkunan ng hilaw na materyales kayat nanalakay ito sa Asya at iba't ibang bahagi ng Pacific.

Sa huli, nanaig pa din ang pwersa ng Allies at naging daan sa pagwawakas ng digmaan ay ang pagbagsak ng Germany noong Abril 1945, kasunod ang pagsuko ng Japan noong Setyembre 1945. Ang pagtatapos ng digmaan ay nag-iwan ng malaking pinsala sa sangkatauhan lalo na ang kasindak-sindak na pagkitil sa maraming buhay at pagkasira ng mga ari-arian. Natigil ang pagsulong ng ekonomiya dahil sa epekto nito sa larangan ng agrikultura, industriya, transportasyon at pananalapi sa Asia, Africa at Europe.

Nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maraming pagbabago ang naganap sa iba't ibang larangan. Nalipat ang sentro ng kapangyarihan sa dalawang superpowers, ang United States at Russia. Pumanig sa magkaibang ideolohiya ang dalawang bansa, ang demokrasya sa US at ang komunismo sa Russia. Umigting ang tunggalian at paghihinala sa pagitan ng dalawang bansa sa larangan ng militar at ekonomiya. Tinagurian itong "Cold War" o digmaan na hindi ginagamitan ng dahas. Nangangahulugan ito na walang direktang armadong labanan, sa halip ay kinapapalooban ito ng propaganda warfare, arms race, espionage at iba pang kauri nito.

Kasunod ng Cold War ay ang paglaganap ng bagong anyo ng pananakop, ang neokolonyalismo. Makabago at higit na nakapanlilinlang ang estratehiya nito spagkat gumagamit ito ng politikal, ekonomiko at kultural na pamamaraan upang maisakatuparan ang pananakop sa mahihinang bansa.

Upang maiwasan at tuluyang matuldukan ang sigalot na mga bansa sa daigdig,itinatag ang United Nations at ang mga sangay nito. Gayundin ang iba't ibang organisasyon at alyansa tulad ng *European Union (EU), Organization of American States (OAS), Organization of Islamic Countries, at Asean.* Naitatag din ang mga pang-ekonomikong organisasyon at *trade blocs tulad ng* GATT, World Trade, IMF/ World Bank, APEC, Asean Economic Community, NAFTA, AFTA, OPEC at iba pa. Ang *trade bloc* ay isang kasunduan ng mga bansang kadalasan ay magkakaanib sa isang samahang rehiyunal na naglalayong bawasan, paliitin, o tanggalin ang ang mga taripa at mga hadlang sa taripa sa mga miyembrong bansa. Nilikha ang mga ito upang magbigay tulong sa pananalapi, magbigay kalayaan sa kalakalang internasyunal, mamahala sa sa pandaigdigang sistema ng pananalapi, at iba pa. Layunin nitong patatagin ang kooperasyon ng mga bansa at magtaguyod ng kaunlaran.

Sa pamamagitan ng mga samahang nabanggit, mapangalagaan ang kapayapaan, kalayaan at katarungan ng daigdig.

Talasalitaan

***Allied Powers* –** mga bansang nagsanib-sanib upang labanan ang Axis Powers. Kabilang ditto ang United States, Great Britain, at Soviet Union

Alyansa – pagbubuonggrupo o luponngmgamakapangyarihangbansasa Europe
Apollo 11 – sasakyang panghimpapawid na mula sa United States, unang sasakyang nakarating sa buwan

***Armistice* –** kasunduan na pansamantalang pagtigil ng labanan o digmaan

***Axis Powers* –** mga bansang nagsanib upang kalabanin ang Allies noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kabilang ditto ang Germany, Italy, at Japan

***Cold War* –** labanan ng ideolohiya, labanan na hindi ginagamitan ng dahas

***Death March* -** Isang uri ng pagpaparusang ipinataw ng mga Hapon sa Pilipinas laban sa mga sumukongsundalong Pilipino at Amerikano sa Bataan

Demokrasya – uri ng pamahalaan kung saan ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga mamamayan upang pumili ng kanilang kinatawan sa pamahalaan

***Fascism* –** ideolohiyang ipinalaganap ni Benito Mussolini, na tumututol sa anumang uri
ng oposisyon sa pamahalaan

***Genocide* –** Malawakang pagpatay na ginawa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig lalo na laban sa mga Hudyo

Glasnost - *openness* o pagigingbukas, nangangahulugang malayang pag-usapan ang mga suliranin ng bansa sapamamagitan ng malayang pamamahayag

Imperyalismo – pagpapalawak ng teritoryo na isinagawa ng mga bansa sa Europe sa
pamamagitan ng pagtatatag ng kolonya

Kasunduan sa Versailles - kasunduang opisyal na nagwakas sa Unang Digmaang Pandaigdig, naganap noong Hunyo 28, 1919 sapagitan ng Allies at Germany

Komunismo - ideolohiyang nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan sa lipunan

Liga ng mga Bansa *(League of Nations)* – itinatag ng 42 bansa noong Enero 10, 1920 na ang pangunahing layunin ay tapusin ang digmaan sa pamamagitan ng negosasyon at diplomasya
Marxism – teoryang politikal at ekonomiko ni Karl Marx na nagsasaad na ang kilos ng tao ay bunga ng kapaligiran at uri ng kanyang kinabibilangan

Mein Kampf - (My Struggle) akda ni Hitler na pinagbatayan ng ideolohiyang Nazism,
unang lumabas noong 1925

Militarismo – pagpapalakas ng pwersang militar

***Narzism* –** ideolohiyang ipinalaganap ni Adolf Hitler na nagsasaad ng pagiging superyor ng lahing Ayan, ang lahing kinabibilangan ng mga German

Nasyonalismo - pagmamalasakit at pagmamahal ng mga mamamayan sa sariling bansa

Perestroika - tumutukoy sa pagsasaayos ng ekonomiyang USSR upang manaig ang
pwersang pampamilihan

Sputnik - kauna-unahang *space satellite* sa kasaysayan na inilunsad ng USSR

***Third Reich* –** panahon sa Germany mula 1933-1945 kung saan na pasailalim ang bansa sa kontrol ng ideolohiyang totalitarian

***Third World* –** mga bansang papaunlad pa lamang tulad ng Pilipinas

***Triple Alliance* –** kilala sa tawag na *Central Powers* na kinabibilangan ng Germany, Austria, Hungary at Italy

***Triple Entente* –** tawag sa alyansang France, Great Britain at Russia, kilalabila ng Allies

Tsar – tawag sa pinuno ng Russia

Sanggunian

A. Books

Kasaysayan ng Daigdig, Teofista L. Vivar et al, ph.243-250

Kasaysayan ng Daigdig, Vivar et al, 281-284
Kasaysayan ng Daigdig, Grace Estela C. Mateo, Ph.D, et.al, ph. 309-319.

Kasaysayan ng Daigdig, Grace Estela C. Mateo PhD. et. al, 338-343
Kasaysayan ng Daigdig Grace Estela C. Mateo, 348-355
Kasaysayan ng Daigdig Grace Estela C. Mateo, 358-361.

B. Modules

Project EASE- Araling Panlipunan III Module 17-
Project EASE Araling Panlipunan III MODULE 18- pg. 13 .
Project EASE Araling Panlipunan III MODULE 19- pg. 17
Project EASE Araling Panlipunan III MODULE 20- pg. 5,9,10,13 14.

C. Website

http://www.gov.ph/2004/07/20/proclamation-no-675-s-2004/
http://www.tariffcommission.gov.ph/afta-cep.html
http://allafrica.com/stories/201310070084.html
http://www.reuters.com/article/2012/08/15/us-syria-crisis-islamic-summit-idUSBRE87E19F20120815
http://www.gmanetwork.com/news/story/264036/economy/finance/phl-s-1-bloan-to-imf-not-the-first-nor-the-biggest
http://www.galangphilippines.org/media/ADO-Brgy.-Pansol.pdf
http://voiceofrussia.com/2013_08_13/China-in-Africa-neocolonialism-or-chance-for-growth-9071/
http://www.tldm.org/News10/Hammer3.png--
http://image.shutterstock.com/display_pic_with_logo/1024975/110632307/stock-photo-american-symbol-statue-of-liberty-110632307.jpg-
https://encrypted-tbn1.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQvOOjDjqEMr0x3_V5hANSi9kV7LkZJ1kS6Xx5SDghVNWXkwI8n-
http://www-tc.pbs.org/behindcloseddoors/tmp_assets/stalin-bio.jpg
http://fascistitaly.files.wordpress.com/2011/05/benito-mussolini1.jpeg-
http://eternity.xhost.ro/hitler.jpg-
https://www.google.com.ph/search?q=world+war+i+pictures&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=OqF4UrPRINOciQf3zYHgAw&sqi=2&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1208&bih=598- pics s WWI

www.oldielyrics.com/lyrics/john_lennon/emagine.html- www. firstworldwar.com-telegram
http://www.firstworldwar.com/diaries/whitmore.htm
http://mapofeurope.com/wp-content/uploads/2013/07/map-of-europe-1024x833.jpg?a600a5-
Source: http://library.thinkquest.org/06aug/02455/pictures/worldwarII.jpg pics world wwar 2
http://en.wikipedia.org/wiki/Nuclear_Weapons
tl.wikipedia.org
naftanow.org